# Point VIEWER Publishing

PVN


The Word of God





by: Bro. Ernie Acayan

PAHINA 9

ISSN : 2704 - 4270 | VOL. VIII | ISSUE NO. 39 | APRIL 27 - MAY 03, 2026 | ₱15.00

# MALACAÑANG: DESISYON NG COA SA PHP 73M DISALLOWED FUNDS NG OVP, PATUNAY NG PANANAGUTAN SA PONDO NG BAYAN

BASAHIN SA PAHINA 2



## Mahigpit na monitoring kontra hoarding at pagtaas ng presyo hanggang Abril 30, tiniyak ng DTI sa Kamara

P3

## DOST SOCCKSARGEN Expands STI Reach Through MOA Signing of Multi-Sector Projects in Cotabato Province

BASAHIN SA PAHINA 2



## TNT nalusutan ang Titan Ultra

BASAHIN SA PAHINA 12

## Avdija at Blazers pasok na sa 2026 Playoffs

BASAHIN SA PAHINA 12

## Lakers, pinadapa ang Rockets sa unang panalo sa playoffs

BASAHIN SA PAHINA 12

## Gilas Women makakaharap ang Lithunia sa finals ng FIBA 3×3 World Cup

PAHINA 12

## Pambansang basketball icon Edgardo Roque, pumanaw sa edad na 88

PAHINA 12



## Alex Eala, nakatakdang bumalik sa Madrid Open matapos ang sunod-sunod na talo

BASAHIN SA PAHINA 12



## 'Face-Off' na imbestigasyon sa mga pangunahing sangkot sa flood control anomaly nais ni Lacson

BASAHIN SA PAHINA 2



## Natural Textile Fiber Innovation Hub Opens in Laguna to Boost Local Textile Industry

BASAHIN SA PAHINA 3

## Malacañang: Pag-aresto kay Zaldy Co, oportunidad para ilatad ang katotohanan

BASAHIN SA PAHINA 2



## DOST Ilocos Region Backs P6.4M Tech Upgrades for Inclusive Regional Growth of MSMEs

BASAHIN SA PAHINA 3

## Mirra Andreeva, nagkampeon sa Linz Open matapos ang comeback win

BASAHIN SA PAHINA 12

# DOST SOCCSARGEN Expands STI Reach Through MOA Signing of Multi-Sector Projects in Cotabato Province

The event marked a significant milestone in advancing inclusive, community-centered, and innovation-driven development across Cotabato Province. It was graced by Vice Governor Rochella Marie Taliño-Taray, who expressed strong support for DOST's continuing efforts to enhance education, livelihood, community development, and enterprise productivity.

Under the Community Empowerment through Science and Technology (CEST) Program, DOST formalized partnerships with key institutions to strengthen science education and community development. A major project, "Transforming STEM Education in Public Schools of Kidapawan through AI-Driven Robotics and Digital Fabrication," was signed with DepEd Region XII Schools Division Office of Kidapawan City. Another initiative, "Transforming Science Beyond the Classroom Through PSC Exhibit-Based Lessons and Lab in a Box," was implemented in collaboration with the Philippine Foundation for Science and Technology and the University of Southern Mindanao. These initiatives aim to enhance teacher capabilities and provide learners with interactive, technology-enabled learning experiences.

DOST also partnered with the Rotary Club of Mt. Apo as implementing partner and disbursing entity for seven community-based projects benefiting underserved sectors. These include initiatives supporting coffee enterprise development for smallholder farmers, livelihood and reintegration programs for persons deprived of liberty (PDLs), cultural preservation and women's livelihood for the Obo Manuvu community, restoration of a madrasa with ICT resources, and the establishment of digital hubs for youth in selected barangays. Collectively, these projects aim to promote inclusive growth, sustainability, and social reintegration.

Under the Small Enterprise Technology Upgrading Program (SETUP), MOAs were signed to support local enterprises in improving productivity and competitiveness. One project focuses on deploying robust ICT systems to enhance online tutorial delivery, while another introduces energy-efficient technologies in natural rubber manufacturing, including the integration of solar photovoltaic systems. These interventions are designed to boost operational efficiency and promote sustainable industrial practices.

Meanwhile, under the Innovations for Filipinos Working Distantly from the Philippines (IFWDPH) Program, two beneficiaries formalized their participation through projects on fabric care innovation and safe water provision. These initiatives highlight DOST's commitment to supporting returning and transitioning overseas Filipino workers through sustainable, innovation-driven livelihood opportunities.

The event was further enriched by messages of support from former DOST Secretary Fortunato T. de la Peña and University of Southern Mindanao President Dr. Jonald L. Pimentel. Also present were key stakeholders, including Rotary Club of Mt. Apo President Atty. Jonah Mineses and Schools Division Superintendent Miguel Fillalan Jr., along with representatives from partner institutions who joined virtually.

Through these partnerships, DOST SOCCSKSARGEN reaffirms its commitment to making STI accessible and impactful across communities, schools, industries, and marginalized sectors. The MOA signing symbolizes a shared dedication to implementing meaningful initiatives that will foster resilience, empowerment, and long-term development in Cotabato Province.




**The Department of Science and Technology (DOST) SOCCSKSARGEN, through its Provincial Science and Technology Office (PSTO) in Cotabato, successfully conducted a ceremonial signing of Memoranda of Agreement (MOAs) for various Science, Technology, and Innovation (STI) initiatives on March 27, 2026, at Titanium Pharma Function Hall in Barangay Sudapin, Kidapawan City.**

# Malacañang: Desisyon ng COA sa Php 73M disallowed funds ng OVP, patunay ng pananagutan sa pondo ng bayan



Inihayag ng Malacañang na pinagtitibay ng desisyon ng Commission on Audit (COA) ang disallowance sa Php 73M confidential funds ng Office of the Vice President (OVP) noong 2022, na nagpapakita ng patuloy na pagsulong ng pananagutan sa paggamit ng pondo ng pamahalaan.

Ayon kay Palace Press Officer Claire Castro, pinasinungalingan ng COA ang pahayag na maayos at transparent na nagamit ang nasabing pondo ng opisina ni VP Sara Duterte. Aniya, mahalaga ang mabilis na aksyon ng mga ahensya tulad ng COA at Anti-Money Laundering Council (AMLC) upang matiyak ang pananagutan ng sinumang mapatunayang may sala.

Batay sa ulat, kabilang sa inissuehan ng notice of disallowance ay ang Php 69.787 M para sa rewards at Php 3.5M para sa pagbili ng kagamitan. Inaatasan din ang OVP na isauli ang naturang halaga sa pamahalaan.

# Malacañang: Pag-aresto kay Zaldy Co, oportunidad para ilatad ang katotohanan

Inihayag ng Malacañang na marapat lamang si na magsabi ng katotohanan si dating Ako-Bicol Representative Zaldy Co kaugnay ng isyu ng maanomalyang flood control projects, kasunod ng kanyang pagkakaaresto sa Prague, Czech Republic.

Ayon kay Palace Press Officer Undersecretary Claire Castro, mas mahalagang tanong ngayon kung handa si Co na ilahad ang kanyang nalalaman, kaysa sa mga nauna nitong paratang laban sa Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr.

Dagdag ni Castro, bukas ang Pangulo sa anumang impormasyon na maaaring makatulong sa imbestigasyon at pagtukoy sa mga dapat managot. Binigyang-diin din niyang walang pinapanigan ang administrasyon at hindi nito hinuhusgahan kung sino ang guilty o hindi, ngunit kinakailangang sumailalim sa tamang proseso ang lahat ng sangkot.

Inihayag ng Malacañang na marapat lamang si na magsabi ng katotohanan si dating Ako-Bicol Representative Zaldy Co kaugnay ng isyu ng maanomalyang flood control projects, kasunod ng kanyang pagkakaaresto sa Prague, Czech Republic.

Ayon kay Palace Press Officer Undersecretary Claire Castro, mas mahalagang tanong ngayon kung handa si Co na ilahad ang kanyang nalalaman, kaysa sa mga nauna nitong paratang laban sa Pangulong Ferdinand "Bongbong" Marcos Jr.

Dagdag ni Castro, bukas ang Pangulo sa anumang impormasyon na maaaring makatulong sa imbestigasyon at pagtukoy sa mga dapat managot. Binigyang-diin din niyang walang pinapanigan ang administrasyon at hindi nito hinuhusgahan kung sino ang guilty o hindi, ngunit kinakailangang sumailalim sa tamang proseso ang lahat ng sangkot.

Sinabi rin ng Malacañang na positibong hakbang ang pagkakadakip kay Co sa kampanya ng pamahalaan laban sa korapsyon. Kaugnay nito, tiniyak ng pamahalaan na patuloy ang koordinasyon sa Czech authorities upang mapauwi si Co sa Pilipinas at harapin ang mga kasong kinahaharap nito.

# 'Face-Off' na imbestigasyon sa mga pangunahing sangkot sa flood control anomaly nais ni Lacson

Nais ngayon ni Senate President Pro Tempore at Blue Ribbon Committee chair Panfilo Lacson na magsagawa ng sabayang pagdinig o "face-off" sa pagitan ng mga pangunahing personalidad na sangkot sa imbestigasyon ng umano'y maanumalyang flood control projects.

Kabilang sa ipapatawag sina dating Ako Bicol Party-List Rep. Zaldy Co, dating staff na si Orly Guteza, at ilang dating mga sundalo na nag-ugnay umano sa paghahatid ng pera kay Co.

Ayon kay Lacson, layunin ng pagsasabay-sabay na testimonya na matukoy kung sino ang nagsasabi ng totoo sa mga magkakasalungat na pahayag.

Binanggit din niya na maaaring humingi ng pahintulot ang komite sa Sandiganbayan upang makapagtestigo si Co matapos ang kanyang pag-aresto sa Czech Republic, habang patuloy ang proseso ng kanyang deportation.

Sinabi pa ni Lacson na mahalaga ang testimonya ni Co sa imbestigasyon, dahil itinuturing siyang mahalagang personalidad sa mga alegasyon ng insertion sa national budget ng bansa kasabay ang paglalaan ng pondo sa Department of Public Works and Highways (DPWH).

Patuloy ding pinag-aaralan ng komite ang report nito kaugnay ng kaso, habang inaasahang maisusumite ito sa plenaryo matapos makuha ang kinakailangang pirma ng mga miyembro ng komite.



Point VIEWER Publishing

*LEMUEL D. JUNIO*
Publisher

*DARYL JETT M. ALVAREZ*
Editor-in-Chief

*JOEL A. CANTOR*
Assistant

*DEMILYN JOYCE M. ALVAREZ*
Layout Artist

**PVN POINT VIEWER PUBLISHING** is published weekly, Monday, and circulated in the Philippines and office is located at No. 59 K - I Street corner K - 7 Street, Barangay East Kamias, Quezon City, Metro Manila, Philippines. The newspaper's advocacy is to promote "accountability, good governance, justice, rule of law, transparency, truth, good ethics and positive values and priciples" in the private and public sectors!

papi
Publishers Association of the Philippines, Inc.

**DISCLAIMER**

READERS, BUYERS & SELLER and PROSPECTIVE JOB APPLICANTS are hereby advised to make necessary inquiries before getting into binding agreement in relation to an advertisement in PVN POINT VIEWER PUBLISHING.

PVN POINT VIEWER PUBLISHING shall not be held liable for any loss or incurred through any advertisement published in the said ads paper.

**INFORMATION**

**Contact Number**
+63 921 561 0398 / +63 948 841 7993 / 8281-5802
**Website**
www.pvnpvp.com
**Email Address**
pvnpointviewerpublishing@yahoo.com
pvnpointviewerpublishing@gmail.com

**ADVERTISING RATE**

**Commercial/Display:** P200.00/column Centimeter
**Classified/Legal Notice:** P160.00/column Centimeter

# DOST Ilocos Region Backs P6.4M Tech Upgrades for Inclusive Regional Growth of MSMEs




**CITY OF SAN FERNANDO, La Union —The Department of Science and Technology Ilocos Region (DOST Ilocos Region) awarded financial assistance to the 2nd batch of 2026 beneficiaries of the Small Enterprise Technology Upgrading Program (SETUP) during a ceremony at the DOST Ilocos Region Innovation Hub on March 19, 2026.**

Known collectively as "Batch SIBOL" (Siyensya at Inobasyon para sa Bagong Oportunidad at Lunti-lunting Pagyabong), six cooperators received support and are set to "sprout," embarking on a journey toward greater competitiveness, resilience, and sustainability.

Three firms from Ilocos Sur (Torres Ricemill, Melody's Food Products, and Niks Printing Shop) collectively received ₱4,610,000.00 in financial assistance. Heisabelle Wood Works of La Union was granted ₱257,600.00, while HN Chicken Dealer and Obet Mushroom Farm in Pangasinan received a combined ₱1,549,800.00, further expanding support for MSMEs across the region.

Ms. Racquel M. Espiritu, Supervising Assistant Regional Director for SETUP, emphasized that the initiative supports long-term enterprise growth beyond financial aid. "This program is about giving our MSMEs the chance to sprout, grow, and flourish – bringing jobs, products, and services that uplift families and communities across the nation," she stated.

Furthermore, Ms. Mary Ann B. Ofiana, Project Technical Assistant I, led the Gender Sensitivity Training, where she emphasized integrating gender perspectives and promoting equal opportunities in the workplace. This was followed by Ms. Katrina F. Ronquillo, SETUP RPMO Head, who outlined the beneficiaries' duties as stipulated in the Memorandum of Agreement, discussed required reports, and answered participants' questions.

Regional Director Teresita A. Tabaog congratulated the beneficiaries and emphasized the role of MSMEs in economic growth and inclusive development. "I hope that you will not be content with just receiving that fund and improving your current processes but do better in coming up with more creative things and more innovative things. And while you do those, you will be mirroring some of the best practices that other MSMEs can learn from," she said.

The event concluded with closing remarks from Ms. Katrina F. Ronquillo, who thanked the Batch SIBOL beneficiaries for their trust and collaboration. "Your trust inspires us to do more, to serve better, and to continue bringing programs that truly make a difference," she remarked. The ceremony highlighted the DOST Ilocos Region's commitment to empowering MSMEs to grow, innovate, and achieve sustainable success, bringing 'Agham na Ramdam' closer to communities across the region.**(Eldrick John Viluan and Katherine Grace Balanag)**

## Legasiya sa pambansang seguridad ni dating NSA Año, kinilala ng PNP kasunod ng pagretiro nito



Tiniyak ng Philippine National Police (PNP) na ipagpapatuloy nito ang pagtataguyod sa kaligtasan ng bansa bitbit ang mga inisyatibo at naging gabay ni dating National Security Adviser (NSA) Eduardo Año, kasunod ng pormal na pagretiro ng opisyal dahil sa isyung pangkalusugan.

Sa isang pormal na pahayag, pinuri ng pambansang pulisya ang ilang dekadang serbisyo publiko at hindi matatawarang ambag ni Año sa pagpapanatili ng pambansang seguridad. Ayon kay PNP Chief PGen. Jose Melencio Nartatez Jr., isang malaking marka sa sektor ng seguridad ang iniwan ni Año bilang dating kalihim ng Department of the Interior and Local Government (DILG) at bilang isang retiradong heneral ng sandatahang lakas.

Binigyang-diin ni Nartatez na sa ilalim ng pamumuno ni Año, kapansin-pansing mas napagbuti ang coordination sa pagitan ng iba't ibang ahensya at puwersa ng pamahalaan.

Ang estratehiyang ito ay direktang nagresulta sa pagkamit ng mas ligtas at payapang mga komunidad sa buong Pilipinas.

Bilang pagbibigay-pugay, nagpaabot ng malalim na pasasalamat ang PNP kay Año para sa naging dedikasyon nito na protektahan ang bansa laban sa anumang anyo ng panloob at panlabas na banta. Iginiit ng pulisya na magsisilbing matibay na pundasyon at pamantayan ang mga istratehiya ng dating NSA sa kanilang patuloy na pagpapatupad ng law enforcement operations at pagpapanatili ng kaayusan sa bansa.




## Madriaga hindi na kailangang muling humarap sa hearing

Hindi na umano kailangan na muling humarap si Ramil Madriaga sa House Committee on Justice, dahil halos lahat ng mahahalagang tanong ay naitanong na sa kanyang nakaraang pagtestigo, ayon yan kay Rep Joel Chua.

Ayon sa mambabatas, masusing sinuri ng mga mambabatas ang supplemental affidavit ni Madriaga, kabilang ang mga kalakip na dokumento at larawan, upang malinawan ang mga detalye. Aniya, sapat na ang naging pagtatanong upang mapatunayan ang mga nilalaman ng affidavit.

Dagdag pa ng mambabatas, limitado rin ang maaaring itanong sa pagdinig, dahil may mga usaping dapat na sa mismong impeachment trial sa Senado talakayin. Ilang beses ding pinahinto ni Rep Gerville Luistro ang mga "probing questions" ng mga miyembro ng komite.

Mahalaga umano ang paglilinaw sa mga pahayag ni Madriaga, lalo na sa kanyang alegasyon laban kay VP Sara Duterte hinggil sa umano'y maling paggamit ng confidential funds. Sa ngayon, hindi pa tiyak kung muli pa siyang ipapatawag sa mga susunod na pagdinig.

## Mahigpit na monitoring kontra hoarding at pagtaas ng presyo hanggang Abril 30, tiniyak ng DTI sa Kamara

Tiniyak ng Department of Trade and Industry (DTI) na walang ipatutupad na pagtaas sa presyo ng mga pangunahing bilihin hanggang Abril 30, kasabay ng maigting na babala laban sa mga negosyanteng masasangkot sa hoarding at price manipulation sa gitna ng nararanasang krisis.

Ito ang naging sentro ng ulat at pagtitiyak ni DTI Secretary Ma. Cristina Aldeguer-Roque sa pagdalo nito sa isinagawang joint hearing ng House-LEAD Committee sa Kamara.

Ayon sa kalihim, tuluy-tuloy at walang patid ang kanilang monitoring at enforcement operations sa buong bansa.

Layunin ng direktibang ito na mahigpit na mabantayan ang merkado at matiyak na sumusunod ang lahat ng mga manufacturers at retailers sa itinakdang presyo para sa mga basic and prime commodities.

Bilang pagbibigay ng kapanatagan sa mga mamimili, mariing pinabulaanan ng ahensya ang mga posibleng isyu ng kakulangan sa suplay ng pagkain at iba pang pangangailangan.

Binigyang-diin ni Roque na walang nagaganap na price hike, walang shortage, at mas lalong walang puwang ang pagmamanipula sa presyo ng mga produkto.

Dagdag pa ng opisyal sa komite, kung mayroon mang naitatalang kaso ng hindi makatarungang pagtaas ng presyo sa ilang piling lugar, maituturing lamang umano itong mga isolated cases.

Gayunpaman, tiniyak ni Roque na agad itong isinasailalim sa imbestigasyon at agarang inaaksyunan ng DTI.

Ang hakbang na ito ay bahagi ng mandato ng ahensya na panatilihing matatag ang pamilihan at protektahan ang kapakanan ng mga konsyumer upang siguruhing abot-kaya ang mga pangunahing bilihin habang nasa kalagitnaan ng krisis ang bansa.

# Natural Textile Fiber Innovation Hub Opens in Laguna to Boost Local Textile Industry

The newly inaugurated facility aims to address the growing demand for natural textile fibers by converting raw agricultural materials directly from the soil into spinnable textile fibers. This innovation is expected to enhance value-adding processes for local resources while promoting sustainable and community-driven production.

In his welcome remarks, Dr. Charlemagne G. Laviña, President of Laguna University, emphasized the institution's role in fostering innovation and collaboration. He noted that universities today must go beyond education and take the lead in driving transformative initiatives that benefit both industry and society.

Delivering the opening remarks, Dr. Julius L. Leaño, Jr., Director IV of the DOST–Philippine Textile Research Institute, highlighted the importance of the facility in empowering communities and strengthening the country's textile value chain. He underscored how the NTFIH Laguna Facility can create opportunities for local producers while contributing to the growth of the Philippine textile industry.

The keynote message was delivered by Dr. Renato U. Solidum, Jr., Secretary of the Department of Science and Technology, who stressed the vital role of science, technology, and innovation in achieving national progress and inclusive development.

Also present at the event, Hon. Benjamin C. Agarao, Jr. underscored the importance of leadership and multi-sectoral partnerships in building a resilient and sustainable local industry. Meanwhile, Ms. Carina F. Macalos reaffirmed the provincial government's commitment to supporting initiatives that promote innovation and sustainability.

Further emphasizing grassroots impact, Ms. Agnes G. Morales, Provincial Director of DOST–Laguna, highlighted the role of localized innovation in transforming ideas into tangible community benefits.

The establishment of the NTFIH Laguna Facility represents a collaborative effort among academic institutions, government agencies, and local stakeholders. It is expected to serve as a hub for research, development, and capacity-building, ultimately contributing to a more sustainable and globally competitive Philippine textile industry.**( Nelson Santos)**




**A significant step toward strengthening the Philippine textile sector was marked with the launch of the Natural Textile Fiber Innovation Hub (NTFIH) Laguna Facility at Laguna University in Santa Cruz, Laguna.**

# Paninindigan sa WPS, responsibilidad ng bawat henerasyon ayon kay Tarriela;Soberanya, hindi dapat isuko

Binigyang-diin ni PCG Spokesperson for the West Philippine Sea Rear Admiral Jay Tristan Tarriela na ang pagpapatibay ng soberanya at karapatan ng Pilipinas sa West Philippine Sea ay nakabatay sa international law at sa 2016 Arbitral Award.

Sa isinagawang "WPS Atin Ito! Cebu Caravan" sa University of the Philippines-Cebu, iginiit ni Tarriela na ang pagtatanggol sa teritoryo ng bansa ay isang intergenerational na adbokasiya na nangangailangan ng aktibong pakikilahok ng kabataan.

Ayon sa kanya, mali ang pananaw na dapat umatras ang Pilipinas dahil sa takot na may masakripisyong buhay.

Binigyang-diin niyang ang ganitong pag-iisip ay taliwas sa ipinakitang katapangan, pagkamakabayan, at sakripisyo ng mga bayani tulad ng mga Katipunero na lumaban sa kolonyalismo nang hindi kinukuwestiyon kung "karapat-dapat ba itong ipaglaban."

Sinabi pa ni Tarriela na hindi hinihingi sa kasalukuyang henerasyon ang makipagdigma, kundi ang panindigan ang ipinaglaban ng mga naunang Pilipino laban sa mga mananakop.

Aniya, ang patuloy na pag-awit ng pambansang awit ay paalala ng obligasyon ng bawat Pilipino na ipagtanggol ang bayan, kahit pa may kaakibat itong sakripisyo.

Dagdag pa niya, ang pagtatanggol sa soberanya ay hindi lamang opsyon kundi isang tungkulin at utang na loob sa mga bayaning nagbuwis ng buhay para sa kalayaan, kaya't mahalaga na maunawaan at ipagpatuloy ito ng nakababatang henerasyon.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
PASIG CITY

**OFFICE OF THE CLERK OF COURT & EX-OFFICIO SHERIFF**
rtc1pasocc@judiciary.gov.ph (email)
0995-101-8830 (globe)

**BDO UNIBANK, INC.,**
Mortgagee,

**File No. 26-091-REM**
For: Extra Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage Under Act 3135, as Amended by Act 4118

-versus-

**ABEGAIL ACOSTA FLORESCA, as represented by her Attorney-in-Fact, MINERVA DE LEON FLORESCA,**
Debtor/Mortgagor.
x-----------------------------------------------x

## NOTICE OF SHERIFF'S SALE

Upon extrajudicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118 filed by the mortgagee BDO UNIBANK, INC. with office address at 33rd Floor, BDO Corporate Center Ortigas, No. 12, ADB Avenue, Mandaluyong City against the debtor/mortgagor ABEGAIL ACOSTA FLORESCA, as represented by her Attorney-in-Fact, MINERVA DE LEON FLORESCA, with postal address/es at (1) Purok 6, Bone South Aritao, Nueva Vizcaya 3704; and (2), Unit 414, 4th Floor, Building M, One Oasis, Ortigas Avenue, Rosario, Pasig City 1609 and for the satisfaction of the mortgaged debt which as of March 26, 2026 amounts to PESOS: TWO MILLION SIX HUNDRED TWELVE THOUSAND SEVEN HUNDRED EIGHTY-ONE and 44/100 (PhP2,612,781.44) inclusive of interests, penalties and other charges but exclusive of all legal fees and expenses incidental to this foreclosure and sale the Clerk of Court & Ex Officio Sheriff of Pasig City or her duly authorized Sheriff will sell at public auction on **AUGUST 04, 2026** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter, Infront of the Main Entrance of Temporary Pasig City Hall, Pasig City to the highest bidder and for CASH in Philippine Currency the real property mentioned in the said real estate mortgage together with all its improvements existing thereon, to wit:

**Condominium Certificate of Title**
**No. 011-2021014792**
**(Republic Act No. 4726)**

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

BUILDING M

LOCATION: FOURTH FLOOR
UNIT NO. : 414
FLOOR AREA (SQ.MTS.) : 29.87

WHICH UNIT FORMS PART OF THE "ONE OASIS ORTIGAS" CONDOMINIUM PROJECT.

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE PT-137770; PT-137771; PT-137772; PT-137773; PT-137774; PT-137775; PT-137776; PT-137777 which embraces and describes the land located at BO. OF ROSARIO, PASIG CITY with an area of FORTY-THREE THOUSAND EIGHT HUNDRED TWENTY-SIX (43,826) Square Meter, is registered in the name of:
**Owner: ABEGAIL ACOSTA FLORESCA, SINGLE, OF LEGAL AGE, FILIPINO**

Prospective bidders and/or buyers are enjoined to investigate for themselves the title of the said property and the encumbrance thereon if there be any.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **AUGUST 25, 2026** at same time and place without further notice.

Pasig City, April 20, 2026.

**(SIGNED)**
**ARNEL D. LEYNES**
Sheriff IV

**(SIGNED)**
**ATTY. ROSALIE C. AROSA**
Clerk of Court VII and Ex-Officio Sheriff

Copy furnished:
All concerned …

**BDO UNIBANK, INC.,**
33rd Floor, BDO Corporate Center Ortigas, No. 12 ADB Ave., Mandaluyong City 1550

**ABEGAIL ACOSTA FLORESCA, as rep. by her Attorney-in-Fact, MINERVA DE LEON FLORESCA**
(1) Purok 6, Bone South Aritao, Nueva Vizcaya 3704
(2) Unit 414, 4th Floor, Building M, One Oasis, Ortigas Avenue, Rosario, Pasig City 1609

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: April 27, May 04 & 11, 2026**

# 1.3-M Pilipino posibleng maapektuhan ng pagtaas ng presyo ng langis



Nagbabala ang state-run think tank na Philippine Institute for Development Studies (PIDS) na maaaring madagdagan ang bilang ng mga Pilipinong maging mahirap dahil sa pagtaas ng presyo ng langis sa pandaigdigang merkado.

Sa kanilang pag-aaral, ipinakita na kung ang krudo ay aabot sa $105 kada bariles at maipapasa ang 35% ng pagtaas sa lokal na presyo, tataas ang poverty rate sa Pilipinas mula 13.2% tungong 14.4%.

Ibig sabihin, maraming "near poor" o mga pamilyang bahagya lamang ang kita kumpara sa poverty line ang posibleng tuluyang mahulog sa kahirapan dahil sa pagtaas ng gastusin sa araw-araw.

Ayon sa PIDS, mas ramdam ng mahihirap ang epekto dahil karamihan ng kanilang kita ay napupunta sa pangunahing pangangailangan at wala silang malaking ipon. Tinatayang hanggang 16.2% ang maaaring mabawas sa purchasing power ng mahihirap na pamilya, kumpara sa 3.4% lamang sa mayayaman.

Nagbabala rin ang think tank na kung mas lalong tataas ang presyo ng langis sa $125 hanggang $145 kada bariles, maaaring umabot sa 2.35 milyon hanggang 3.5 milyong Pilipino ang maging mahirap.

Iminungkahi ng PIDS na mas tutukan ang tulong sa mahihirap at "near poor" na mga pamilya, kabilang ang mga minimum wage earners at iba pang vulnerable groups, upang maibsan ang epekto ng krisis.

# Meralco customers, aasahan ang pagtaas ng singil sa kuryente simula Setyembre



Tataas ang bayarin sa kuryente ng mga customer ng Manila Electric Company (Meralco) simula Setyembre matapos aprubahan ng Energy Regulatory Commission (ERC) ang pag-pasa sa consumers ng mahigit P4 billion na gastos kaugnay ng gas power plant na konektado sa isang affiliate nito.

Ayon sa ERC, pinayagan ang Meralco na singilin ang mga customer nito para sa hindi nabayarang fixed fees sa power supply agreement nito sa kumpanyang Excellent Energy Resources Inc. (EERI), na umaabot sa P3.67 billion at $6.37 million (humigit-kumulang P381.7 million).

Katumbas ito ng dagdag na P0.1099 kada kilowatt-hour (kWh), na sisingilin sa loob ng 12 buwan.

Dahil sa kasalukuyang mataas na presyo ng kuryente inilipat ng ERC ang pagsisimula ng singil sa Setyembre 2026.

Ang EERI ang operator ng 1,275-megawatt na gas plant sa Batangas na bahagi ng joint venture ng Meralco at mga partner nito.

Bagama't pinayagan na ang commercial operation date ng planta, hinihintay pa rin ang ilang regulatory certificates. Ang Meralco, na nagsu-supply ng kuryente sa mahigit 8.2 milyong customer sa Metro Manila at karatig-probinsiya, ay nakapagtala na rin ng pagtaas ng singil ngayong Abril dahil sa mas mahal na generation cost at paghina ng piso.

# Napatay na rebelding NPA sa serye ng sagupaan sa Surigao Del Sur, umabot na sa tatlo

BUTUAN CITY – Nadagdagan pa ang naitalang napatay na rebelding New People's Army o NPA matapos ang serye ng sagupaan sa bukiring bahagi sa Sitio Bulacan, Barangay Bolhoon, San Miguel, Surigao del Sur.

Ayon kay Col. Glenn Joy Aynera, Acting Brigade Commander ng 401st Infantry "Unite N' Fight" Brigade na sa nakaraang araw mga bandang alas 12:00 ng tanghali nang unang naganap ang sagupaan laban sa Regional Operations Command ng North Eastern Mindanao Committee, na pinangu-ngunahan ni Edilberto Reponte Daval, o alyas "Ka Bong" o "Wako. Tumakas ang rebeldeng grupo at naiwan ang kanilang isang kasamahan na wala nang buhay na nakilalang si alyas Ka Keroy habang narekober ang 5 matataas na baril. Ginawa naman ang hot pursuit operation at kahapon ng umaga lang nang muling nakasagupa sa tropa ng 75th Infantry "Marauder" Battalion at 3rd Special Forces Battalion ang nasabing grupo na nagresulta sa pagkamatay sa dalawang rebelde. Sa ngayon ay patuloy pa ang pagtugis sa mga tumakas ng rebelde habang pinapanawagan na bumalik na sa gobyerno.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
Las Piñas City

OFFICE OF THE CLERK OF COURT
AND EX-OFFICIO SHERIFF

CTBC BANK (PHILIPPINES) CORPORATION,
Mortgagee,

FORECLOSURE NO. F-26-023
EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135, AS AMENDED BY ACT 4118

-versus-

SPOUSES ANTHONY J. DE GUZMAN & PRICILLA G. DE GUZMAN,
Mortgagor/s.
x-------------------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon verified petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed by the Mortgagee/s CTBC BANK (PHILIPPINES) CORPORATION, with office/ business/residence address at 16th to 22nd Floors, Fort Legend Tower, 31st Street corner 3rd Avenue, Bonifacio Global City, Taguig, Metro Manila, against the Mortgagor/s/Debtor/s SPS. ANTHONY J. DE GUZMAN & PRICILLA G. DE GUZMAN, with residence/postal/office address at L4-B-2-B-2-B-5-C-1 Florentina St., Ramos Compound, Vergonville Subd., Brgy. Pulang Lupa Dos, Las Piñas City, to satisfy the mortgage indebtedness which as of January 30, 2026 amounts to Php765,359.05 including/excluding interests, penalties, charges, attorney's fees and expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned OIC/Clerk of Court and Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Las Piñas City or any of the Deputy Sheriffs will sell at public auction on **May 29, 2026** at 10:00 a.m. or soon thereafter at the ground floor (main entrance) of the Hall of Justice of Las Piñas City to the highest bidder, for CASH and in Philippine Currency, the following described real property/ies, together with all the improvements existing thereon to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE**
**NO. T-97093**

A parcel of land (Lot 4-B-2-B-2-B-5-C-1 of the subd. plan (LRC) Psd-377495 approved as a non-subd. Project, being a portion of Lot 4-B-2-B-2-B-5-C, Psd-00-055184, LRC Rec. No. N-29662), situated in the Bo. of Pulang Lupa Dos, Mun. of Las Piñas, Prov. Of Metro Manila, Is. of Luzon. Bounded on the NE., pts. 3 to 4 by Lot 4-B-2-B-2-B-5-B, Psd-00-05581 (Existing Alley), on the SE., pts. 4 to 5 by Lot 4-B-2-B-2-B-5-D, Psd-00-055184, on the SW., pts. 5 to 1 by Lot 4-B-2-B-2-B-5-C-2 of the subd. plan. X x x x x x containing an area of ONE HUNDRED (100) SQUARE METERS, more or less. X x x x x x

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date. In the event the public auction should not take place on the said date. It shall be held on **June 19, 2026** without further notice.

Las Piñas City, this 10th day of April 2026.


**(SIGNED)**
**LEAMOR BATILES GARCIA**
Officer-In-Charge

**(SIGNED)**
**DON LYNWEN ARON L. RAMOS**
Deputy Sheriff

Warning

It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Sale on or before the date of sale under penalty of law.

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: April 20, 27 & May 04, 2026**




# Ilang 'vloggers', pinagkakakitaan ang mga istorya; SOJ sa publiko, ibaling atensyon sa positibo kaysa negatibo

Hinimok ng Department of Justice ang publiko na makiisa sa kanilang paglaban kontra sa pagkalat ng maling impormasyon o 'fake news'.

Sa panayam kay Justice Secretary Frederrick A. Vida, kanyang hiling sa taumbayan na tumulong sa kanilang isinusulong mga insyatibo upang mabantayan ang mga kumakalat na hindi totoong impormasyon.

Naniniwala ang kalihim na marahil ang layon ng mga ito sa pagpapakalat ng 'fake news' ay lituhin lamang ang atensyon ng publiko.Balitang Filipino Habang ikinalungkot naman aniya ang paggamit at pagtutok maigi ng ilang 'vloggers' sa mga negatibong balita sa bansa na siyang agad na nakakakuha ng atensyon lalo na sa online.

Dagdag pa ni Justice Secretary Vida na tinitingnan rin nila rito ang paggamit ng ilang 'vloggers' sa mga negatibong balita para lamang magkaroon ng mas maraming followers na siyang pinagkakakitaan pa umano ng pera.

Kung kaya't hiling ng kalihim sa publiko na ibaling ang atensyon sa positibo kaysa mga negatibong balita sa bansa.

Alinsunod ang pahayag matapos magsumite ng 'referral' ang Presidential Communications Office para mapaimbestigahan ang mga pasimuno sa pagpapakalat ng 'fake news' ukol sa kalusugan ng pangulo.

Kaugnay nito'y giit ng civic-society groups na dapat managot ang mga nasa likod sa naturang maling gawain pagpapakalat ng disimpormasyon.Pangangatawan

Naniniwala si Jose Antonio Goitia, chairman emeritus ng Filipinos Do Not Yield Movement at iba pang grupo na nais lamang ng mga nagpapakalat ng 'fake news' iligaw ang atensyon ng publiko.

Aniya'y hindi ito nagkataon lamang kundi malinaw na may layon guluhin at isulong ang pagkakaroon ng dibisyon sa bansa pati maiba ang pokus mula sa mahahalagang isyu.

Nakakabahala raw ang ganitong mga aksyon sapagkat napatunayan ng malusog at nasa maayos na pangangatawan si Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos Jr.

Kaya nama'y ang sinuman aniyang sadyang nagpapakakat ng 'fake news' ay nararapat panagutin sa ilalim ng Cybercrime Prevention Act at ng Revised Penal Code.

Hinimok din ang publiko na huwag agaran maniniwala sa mga nakikita online at ugaliing suriin muna ang impormasyon bago ibahagi sa iba.

# Master plunderers' sa flood control kabilang ex-House Speaker at ex-Senate President, malapit ng kasuhan – Ombudsman

Tiniyak ng Office of the Ombudsman na kanilang malapit ng ihain ang kaso laban sa tinaguriang 'master plunderers' ng maanomalyang flood control projects. Bombo Network News

Ito mismo ang ibinahagi ni Assistant Ombudsman Atty. Mico Clavano sa naganap na pulong balitaan ng tanod-bayan ukol sa mga kasong inihahanda may kinalaman sa korapsyon.

Malapit na aniyang isampa o iakyat sa kaukulang korte ang kaso laban sa tinatawag na 'master plunderers' sa anomalya ng flood control.

Ayon kay Ombudsman Spokesperson Atty. Mico Clavano, ang naturang dalawang 'master plunderers' na nabanggit ay ang nagsilbing dating speaker ng House of Representatives at former Senate President.

Bukod sa dalawang matataas na dating lider ng magkabilang kongreso, hindi rin lusot na sasampahan ng kaso ang ilan mga senador at kongresista.

Bagama't inihayag malapit na nilang kasuhan ang mga ito, tumanggi na munang ibahagi ni Assistant Ombudsman Clavano ang tiyak na petsa kung kailan.

Paliwanag kasi niya'y nais maseguro ng tanod-bayan na hindi sila matatali sa inanunsyong petsa para matiyak ang bigat ng kasong ihahain sa korte.

Kung babalikan, una ng inanunsyo mismo ni Ombudsman Jesus Crispin 'Boying' Remulla ang patungkol sa pagsasampa ng kaso.

Partikular niyang binanggit na kakasuhan ng tanod-bayan sina former House Speaker Martin Romualdez at former Senate President Chiz Escudero.

Kasong plunder aniya ang inihahandang ihain ng Office of the Ombudsman sa korte laban sa dalawang nabanggit na dating lider ng kongreso.

Habang dagdag pa ni Ombudsman Remulla na marami pang ibang kaso ang lalabas ngayong Abril at susunod nitong buwan ng Mayo.

# P6.3-B pondo, inilaan ng Pag-IBIG Fund para sa mga pasilidad at pabahay sa mga SUCs

Maglalaan ng aabot sa ₱6.3 bilyon ang Pag-IBIG Fund upang pondohan ang pagpapatayo ng mga dormitoryo at abot-kayang paupahan para sa mga mag-aaral, guro, at non-teaching personnel ng mga state universities and colleges (SUCs) sa buong bansa.

Ang nasabing pondo ay nakapaloob sa Project BALAY: Bridging Access to Learning, na isang estratehikong pakikipagtulungan sa pagitan ng ahensya at ng Commission on Higher Education (CHED).

Sa ilalim ng Rental Housing Construction Loan program ng Pag-IBIG, makakakuha ang mga SUCs ng pondo na mayroong subsidized interest rate na tatlong porsyento (3%) kada taon para sa unang dekada ng kontrata. Bukod dito, binibigyan din ang mga institusyon ng maluwag na payment terms na maaaring bayaran sa loob ng hanggang tatlumpung (30) taon. Layunin ng programa na mapabilis ang pagtatayo ng mga pasilidad at paupahang bahay na matatagpuan sa loob mismo o malapit sa mga kampus upang matugunan ang pangangailangan ng akademya para sa ligtas at abot-kayang tirahan.

Pormal na iprinisinta ni Pag-IBIG Fund Chief Executive Officer Marilene C. Acosta ang inisyatibo sa isang consultative meeting na ginanap sa CHED Auditorium sa Lungsod ng Quezon noong Abril 15, 2026.

Nakatuon ang naging talakayan ng magkabilang panig sa pagbuo ng mga sustainable housing solutions na direktang tutugon sa sitwasyon ng mga estudyante at kawani ng gobyerno sa sektor ng edukasyon.

# Kasanayan sa cyber domain at pagpapalakas ng alyansa, bibigyang-diin sa ika-41 Balikatan Exercises

Lalahok ang aabot sa 17,000 sundalo mula sa iba't ibang bansa sa nakatakdang pag-arangkada ng ika-41 Balikatan Exercises sa susunod na linggo upang hasain ang kapabilidad ng militar hindi lamang sa lupa, himpapawid, at karagatan, kundi maging sa makabagong cyber domain.

Bukod sa pangunahing puwersa ng Pilipinas at Estados Unidos, kabilang sa mga aktibong makikibahagi sa mga serye ng pagsasanay ang mga tropa mula sa Australia, Japan, New Zealand, Canada, at France. Kasabay nito, nasa 17 bansa rin ang sasali sa ilalim ng international observer program.

Ayon kay Armed Forces of the Philippines (AFP) Education, Training and Doctrine Commander Major Gen. Francisco Lorenzo Jr., ang malawakang aktibidad ay isang mahalagang hakbang tungo sa modernisasyon.

Paliwanag ng opisyal, layunin nitong iangat hindi lamang ang kalidad ng mga kagamitang pandigma kundi pati na rin ang taktika at istratehiya ng mga sundalo sa pagharap sa mga nagbabagong banta sa seguridad.

Sa panig naman ng America, binigyang-diin ni U.S. Marine Corps I Marine Expeditionary Force Commander Lt. Gen. Christian Wortman na ang naturang military exercises ay repleksyon ng patuloy na pagpapatibay sa 75 taong alyansa ng Pilipinas at Amerika, partikular sa pagpapanatili ng kaayusan sa rehiyon ng Indo- Pacific

Samantala, mariing nilinaw ng AFP na ang partisipasyon ng mga kaalyadong bansa sa Balikatan ay mahigpit na nakasandig sa mga umiiral na Status of Visiting Forces Agreement (SOVFA).

Giit ng sandatahang lakas, ang pagsasanay ay nakatuon sa depensa at hindi idinisenyo upang mang-gipit o mag-proboka ng alinmang bansa.Bagama't walang miyembro ng Association of Southeast Asian Nations (ASEAN) ang may SOVFA sa Pilipinas sa kasalukuyan, ipinahiwatig ng AFP na nananatili itong bukas sa posibleng pagpapalawak ng kasunduan para sa iisang layunin na mapanatiling matatag at mapayapa ang rehiyon.Tatakbo ang mga nakakasang pagsasanay hanggang sa ika-8 ng Mayo.

# Paghanda sa seguridad ng BARMM elections, pagtiyak na umuusad ang political track ng CAB

Lumalakas ang pagsusulong ng administrasyong Marcos sa political track ng Comprehensive Agreement on the Bangsamoro (CAB), habang pinaigting ng security forces ang mga paghahanda para sa kauna-unahang parliamentary elections ng rehiyon sa darating na Setyembre 14.

Sinimulan na ng law enforcement at military units ang pagpapalakas sa security operations sa lahat ng mga tinukoy na hotspots sa rehiyon, binibigyang-diin ang pangako ng pamahalaan na tiyakin na ang makasaysayang electoral exercise ay maisasagawa nang mapayapa at kapani-paniwala bilang bahagi ng mas malawak na proseso ng normalisasyon at transisyon.

Itinaas na ng Armed Forces of the Philippines, sa pamamagitan ng mga yunit ng 6th Infantry Division, ang antas ng pagbabantay nito at mahigpit na nakikipag-ugnayan sa Philippine National Police upang tiyakin ang seguridad ng mga komunidad na itinuturing na bulnerable sa kaguluhang may kaugnayan sa halalan.

Sinabi ni Lt. Col. Ronald E. Suscano, commander ng 6th Civil-Military Operations Battalion, na ang mga tropa sa ilalim ng Joint Task Force Central ay nagpatupad ng mas proaactive na hakbang sa seguridad, na nakatuon sa maagang pagtukoy ng banta at mabilis na pagtugon, sa halip na umasa lamang sa reactive na deployment.

Sa halip na ituon lamang ang puwersa sa urban centers, ipinakakalat ng mga awtoridad ang kanilang presensiya sa mga munisipalidad sa kanayunan at mga barangay na madaling magkaroon ng alitan. Kabilang dito ang ilang bahagi ng Maguindanao del Sur at Maguindanao del Norte, gayundin ang piling mga nayon sa Cotabato Province at Cotabato City kung saan dati nang tumitindi ang tensiyon tuwing halalan.

Pinaigting din ng mga yunit ng militar at pulisya ang koordinasyon sa intelihensiya sa pamamagitan ng pagsasama ng mga community-based information networks sa pormal surveillance operations.

Layunin nitong masusing mabantayan hindi lamang ang mga natitirang extremist kundi pati ang mga hindi gaanong organisadong armadong grupo na maaaring madamay sa mga lokal na tunggaliang politikal.

Nagpahayag ng pangamba ang mga security official sa posibleng muling pag-activate o pagsasamantala ng mga armadong paksyon, kabilang ang mga may kaugnayan sa Bangsamoro Islamic Freedom Fighters at iba pang natitirang militanteng grupo, lalo na sa mga sitwasyong maaaring subukang gamitin ng mga lokal na kandidato ang mga ito upang makakuha ng bentahe sa kanilang lugar.

Upang tugunan ang mga panganib na ito, pinalakas ng mga awtoridad ang presensiya sa pamamagitan ng mga checkpoint at tuloy-tuloy na patrolya, habang sabay na pinatitibay ang mga hindi gaanong nakikitang mekanismo ng pagbabantay. Binigyang-diin ng mga opisyal na ang ganitong balanseng estratehiya ay naglalayong hadlangan ang paglala ng sitwasyon nang hindi nagdudulot ng labis na pangamba sa mga residente.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT &**
**EX-OFFICIO SHERIFF**
MUNTINLUPA CITY
(rtc1munocc@judiciary.gov.ph / (02)8247-7347 / 09610571730)

**PHILIPPINE NATIONAL BANK,**
**in its capacity as assignee-mortgagee**
**of PNB Savings Bank,**
Petitioner-Mortgagee,

**FORECLOSURE NO. E-26-019**

-versus-

**JOSEPHINE J. BERNABE,**
Respondent-Debtor/Mortgagor.
x-------------------------------------------------------x

## NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act No. 3135, as amended by Act No. 4118, filed by **PHILIPPINE NATIONAL BANK, in its capacity as assignee-mortgagee of PNB Savings Bank, Petitioner-Mortgagee,** with postal address at PNB Financial Center, Pres. Diosdado P. Macapagal Boulevard, Pasay City, Metro Manila, against **JOSEPHINE J. BERNABE, Respondent-Debtor/ Mortgagor,** with postal addresses at 17 Bogambilya St., Tahanan Village, Parañaque City and/or No. 17 Bogambilya Street, Tahanan Village, Barangay BF , Parañaque City and/or Unit B 8th Floor, Hudson Place Tower 1, Tribeca Private Residences Condo., Km 21 East Service Road, South Super Highway, Brgy. Sucat, Muntinlupa City, to satisfy the mortgage indebtedness which, as of January 31, 2026, amounts to **THREE MILLION TWO HUNDRED TWENTY THREE THOUSAND ONE HUNDRED SIXTY ONE PESOS AND 67/100 CENTAVOS (Php3,223,161.67), Philippine Currency,** inclusive of interest, penalties and other agreed charges, the Clerk of Court and Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court, Muntinlupa City, thru **MR. MARIONITO M. BIHAG,** Sheriff-in-Charge, shall sell at public auction on **MAY 12, 2026 at 10:00 o'clock in the morning, or soon thereafter, at the Main Entrance of the Hall of Justice, Tunasan, Muntinlupa City,** to the highest bidder, for CASH AND/OR MANAGER'S CHECK, and in Philippine Currency, the following property/ies with all its improvements, to wit:

**CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE NO. 014-2023000780**

UNIT 8-B – DELUXE SUITE – LOCATED AT THE 8TH FLOOR, WITH AN AREA OF THIRTY THREE (33.00) SQ. M., MORE OR LESS AND FORMING PART OF TRIBECA PRIVATE RESIDENCES-HUDSON PLACE TOWER I, SUCAT, MUNTINLUPA CITY.

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 146348 which embraces and describes the land located at MUNTINLUPA CITY with an area of ONE THOUSAND NINE HUNDRED FORTY-NINE (1949) Square Meter, is registered in the name of:

Owner: JOSEPHINE J. BERNABE, SINGLE, OF LEGAL AGE, FILIPINO CITIZEN

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, the auction sale shall be held on **May 27, 2026** at the same time and place without further notice.

Prospective buyers and bidders may investigate for themselves the Title herein above described and encumbrances thereon, if any, there be.

Muntinlupa City, March 5, 2026

**(SIGNED)**
**MARIONITO M. BIHAG**
RTC Branch 203
Sheriff-in-Charge

**(SIGNED)**
**ATTY. CHARMAINE C. APOLINARIO-JIMENEZ**
Clerk of Court VI & Ex-Officio Sheriff

WARNING

IT IS ABSOLUTELY PROHIBITED TO REMOVE, DEFACE, OR DESTROY THIS NOTICE OF SALE ON OR BEFORE THE DATE OF SALE UNDER THE PENALTY OF LAW.

Copy Furnished:

**1. ATTY. EDGARDO M. BANAAG**
Counsel for Petitioner-Mortgagee
Unit 2304, 23rd Flr., AIC Burgundy Empire Tower
ADB Ave. cor. Sapphire and Garnet Roads
Ortigas Center, Pasig City

**2. JOSEPHINE J. BERNABE**
17 Bogambilya St., Tahanan Village
Parañaque City

and/or

No. 17 Bogambilya Street, Tahanan Village
Barangay BF, Parañaque City

and/or

Unit B 8th Floor, Hudson Place Tower 1
Tribeca Private Residences Condo.
Km 21 East Service Road, South Super Highway
Brgy. Sucat, Muntinlupa City

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: April 13, 20 and 27, 2026**

# Election donations mula sa Pharmally maaaring iniuugnay kay VP Sara Duterte

Inihayag ni Manila Rep. Joel Chua na posibleng makaharap sa election offense si VP Sara Duterte kung mapatutunayang tumanggap ang kanyang 2022 campaign ng pondo mula sa mga Chinese nationals na may kaugnayan sa Pharmally Pharmaceutical Corporation.

Ipinaliwanag ni Chua na ipinagbabawal ng Omnibus Election Code ang pagtanggap ng kontribusyon mula sa mga dayuhan, at kung mapapatunayan ito, maaari itong ituring na "culpable violation of the Constitution" at posibleng maging impeachable offense.

Nag-ugat ang alegasyon sa pahayag ni Ramil Madriaga, na nagsabing tumanggap umano siya ng milyun-milyong piso mula kina Pharmally financial officer Lin Weixiong and businessmen Maestrado Lim o mas kilalang Tony Yang para sa kampanya ni Duterte, na idinaan umano sa isang non-profit group.

Binigyang-diin ni Rep Chua na kailangang malinaw kung ang mga pondong ito ay naideklara sa Statement of Contributions and Expenditures (SOCE), habang nananatiling bukas ang House Committee on Justice sa pagtanggap ng panig ng bise presidente, na hindi pa dumadalo sa mga pagdinig.

# Usok mula sa sunog sa Navotas Landfill, umabot hanggang Bataan —PhilSA

Umabot hanggang Bataan ang usok mula sa nasunog na Navotas Sanitary Landfill, ayon sa satellite data na inilabas ng Philippine Space Agency (PhilSA) noong Biyernes, Abril 18, 2026.

Magugunitang nagsimula ang sunog bago mag alas-8:00 ng gabi noong Abril 10 kung saan hanggang sa ngayon ay patuloy pa rin ang mga operasyon upang tuluyang maapula ito.

Base sa mga kuhang larawan ng satellite noong Abril 11, makikita na kumalat ang usok mula Navotas City patungong kanluran hanggang umabot ito sa Bataan dulot ng direksyon ng hangin.

Ipinaliwanag ng PhilSA na ang mas madidilim na kulay sa kanilang datos ay nagpapakita ng mataas na antas ng nitrogen dioxide concentrations, na indikasyon ng lawak ng usok.Bagama't bahagyang humina ang nitrogen dioxide concentrations nito pagsapit ng hapon, nanatili pa rin itong mataas sa Metro Manila.Kinumpirma naman ng Department of Environment and Natural Resources na nakapagtala ng hindi magandang kalidad ng hangin sa mga lugar na naapektuhan ng makapal na usok, na maaaring magdulot ng mga sakit sa paghinga. Ayon sa lokal na pamahalaan, hindi na operasyon ang landfill mula pa noong 2025. Gayunman, naiwan umano ang mga basurang hindi maayos na naisara o na-rehabilitate, dahilan upang maging madaling masunog ang mga ito lalo na sa panahon ng tag-init.

# AFP, nanindigang hindi maaapektuhan ng oil crisis ang Balikatan Exercises

Nanindigan ang Armed Forces of the Philippines (AFP) na hindi maaapektuhan ang pagpupulong ng Balikatan Exercises ngayong taon sa kabila ng epekto ng oil crisis sa bansa.

Sa panayam kay AFP Spokesperson Colonel Francel Margareth Padilla, sinabi ng opisyal na matagal nang naplano ang naturang military simulation, mula sa paglalaan ng pondo, nakahanay na military drill, gagamiting assets, at bilang ng mga lalahok na sundalo.

Sa katunayan aniya, mula pa noong pagtatapos ngg 2025 Balikatan ay nagsisimula nang magplano ang AFP at mga bansang kasama sa malaking military exercises.

Mula noon ay inihahanda na aniya ng hukbo ang lahat ng mga magagamit kaya't bago pa man ang pagsisimula ng oil crisis ay nakahanay na ang lahat ng magagamit sa pagsasanay, tulad ng pondo at assets.

Ayon kay Padilla, aabot sa 17,000 sundalo mula sa iba't ibang bansa ang nakatakdang lumahok sa ika-41 Balikatan Exercises na nakatakdang magsimula sa susunod na linggo.

Bukod sa Philippine forces, at US forces, kasama rin dito ang mga sundalo mula sa Australia, Japan, New Zealand, Canada, at France.

Pinayagan ding magsilbing observer ang 17 bansa sa ilalim ng International Observer Program ng naturang drill.



**Republic of the Philippines**
**National Capital Judicial Region**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**Regional Trial Court of Manila**
rtc1mnlocc@judiciary.gov.ph
0991-958-7864

**EAST WEST BANKING CORPORATION,**
Petitioner/Mortgagee,

**Foreclosure No. 26-4983**

-versus-

**SPOUSES YUSOPH M. MACARAMBON AND MA. FE F. MACARAMBON,**
Mortgagor/Respondents.
x-----------------------------------------------------x

## NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed on **February 26, 2026,** against the mortgagors, **SPOUSES YUSOPH M. MACARAMBON AND MA. FE F. MACARAMBON,** with last recorded address/es at (1) Unit 221 with Balcony Sorrel Residences, Brgy. 586 Zone 057, Sampaloc Manila; (2) 4b Lacson Street Herbosa, Brgy. Magsaysay, Tondo, Manila; (3) 04 Lacson Street, Tondo, Manila, to satisfy the mortgage indebtedness which, as of February 13, 2026, amounts to PESOS: TWO MILLION NINE HUNDRED EIGHTY-SEVEN THOUSAND THREE HUNDRED NINETY-FIVE AND 98/100 **(Php2,987,395.98)**[1] pursuant to the **Omnibus Loan and Mortgage Agreement**[2], the undersigned Acting Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Manila, through her deputy, Sheriff **MICHAEL JEREMY R. SY,** will sell at public auction on **May 06, 2026** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter but not later than 2:00 o'clock in the afternoon, in front of the Office of the Clerk of Court, Regional Trial Court, Manila, Room 400, 4th Floor, Manila City Hall, to the highest bidder, for **cash or manager's check** and in Philippine Currency, the following property with all its improvements, more particularly described as follows:

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
DEPARTMENT OF JUSTICE
**Land Registration Authority**
QUEZON CITY
**Registry of Deeds for City of Manila**

**Condominium Certificate of Title**
**No. 002-2020006397**
**(Republic Act No. 4726)**

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

UNIT 221 – A RESIDENTIAL 2-BEDROOM B (END UNIT), LOCATED AT THE SECOND FLOOR (ATRIUM LEVEL) OF "SORREL RESIDENCES", WITH A UNIT AREA OF 53.00 SQ. MTS., AND 9.00 SQ. MTS. BALCONY WITH A TOTAL AREA OF 62.00 SQ. MTS., MORE OR LESS.

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2011000635 which embraces and describes the land located at 3950 SOCIEGO STREET, STA. MESA, MANILA with an area of THREE THOUSAND EIGHT HUNDRED THIRTEEN AND TEN (3,813.10) Square Meter, is registered in the name of:

**Owner: SPOUSES MA. FE FORTES MACARAMBON AND YUSOPH MASORONG MACARAMBON, BOTH OF LEGAL AGE, FILIPINO CITIZENS**
**Address:** UNIT 221, SORREL RESIDENCES, BRGY. 586 ZONE 057, SAMPALOC, MANILA

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **May 13, 2026** without further notice.

City of Manila, Philippines, March 24, 2026.

**(SIGNED)**
**SHAIRA A. QUERUBIN**
Acting Clerk of Court[3] & Ex-Officio Sheriff

**(SIGNED)**
**MICHAEL JEREMY R. SY**
Sheriff-in-Charge

Copy furnished:

**EAST WEST BANKING CORPORATION,**
**MORTGAGEE**
EastWest Corporate Center, The Beaufort, 5th Ave. Cor. 23rd St., Bonifacio Global City, Taguig City,

**SPOUSES YUSOPH M. MACARAMBON**
**MA. FE F. MACARAMBON**
**MORTGAGORS**
(1) Unit 221 with Balcony Sorrel Residences, Brgy. 586 Zone 057, Sampaloc Manila;
(2) 4b Lacson Street Herbosa, Brgy. Magsaysay, Tondo, Manila;
(3) 04 Lacson Street, Tondo, Manila

**NOTE:** Failure to attend at the auction sale, despite proper notice, shall be construed as a waiver, Accordingly, the auction sale shall be held as scheduled.

The mortgagee is required to submit an updated Statement of Account before the scheduled auction sale.

**WARNING:** It is absolutely prohibited to remove, destroy or deface this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale, under the penalty of law.

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: April 13, 20 & 27, 2026**

---

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
REGIONAL TRIAL COURT
PASIG CITY

OFFICE OF THE EXECUTIVE JUDGE
rtc1pas154@judiciary.gov.ph

APPLICATION NO. 195 (2026-2027)
IN RE: PETITION FOR NOTARIAL COMMISSION

**KATHLEYA KATE M. BELDEROL**
Petitioner.
x--------------------------------x

## NOTICE OF HEARING

Notice is hereby given that a summary hearing on the petition for commission as Notary Public of Atty. KATHLEYA KATE M. BELDEROL for and in the City of Pasig, Metro Manila shall be held on April 27, 2026 at Branch 154, 4th Floor, Hall of Justice, Regional Trial Court, City Hall Compound, Caruncho Avenue, Pasig City at 1:00 o'clock in the afternoon. Any person who has any cause or reason to object to the grant of the petition may file a verified written opposition thereto, received by the undersigned before the date of the summary hearing.

WITNESS THE HONORABLE ANNIELYN B. MEDES-CABELIS, 3rd Vice Executive Judge, this 20th day of April, 2026 at Pasig City

**(SIGNED)**
**ROSALIE C. AROSA**
Clerk of Court VII

NOTE: IN THE EVENT THAT THE DATE OF HEARING DOES NOT TAKE PLACE ON SAID DATE IT SHALL BE HELD ON MAY 4, 2026 AT THE SAME TIME AND PLACE WITHOUT FURTHER NOTICE.

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Date: April 27, 2026**

---

# 3 buwang palugid ipapatupad ng LTO para sa mga malapit nang mag-expire na lisensya



Inanunsyo ng Land Transportation Office (LTO) ang tatlong buwang extension para sa lahat ng mga lisensya ng driver at magre-rehistro ng sasakyan na nakatakdang mag-expire, kasunod ng direktiba ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr.

Ayon sa LTO, saklaw ng hakbang ang mga dokumentong mag-e-expire simula Abril 2026, kung saan maaari itong i-extend ng hanggang tatlong buwan nang walang multa o penalty.

"In line with the directive of President Marcos Jr. and pursuant to the declaration of a State of National Energy Emergency, the Land Transportation Office (LTO) announces the extension of validity… for a period of three (3) months," ayon sa ahensya.

Layunin ng polisiya na mabigyan ng ginhawa ang publiko sa gitna ng pagtaas ng presyo ng gasolina at iba pang pangunahing bilihin.

Saklaw ng extension ang driver's at conductor's licenses, student driver's permits, at rehistro para sa mga sasakyan.

Ayon pa sa ahensya, sa loob ng extended period hindi rin sisingilin ng karagdagang bayarin ang mga motorista para sa late renewal.

Giit ng LTO, ang hakbang ay para mabawasan ang pasanin ng publiko at mabigyan ng sapat na panahon upang makapag-renew ng kanilang mga dokumento nang hindi naaapektuhan ng karagdagang gastos.

---

# Maruming kalidad ng hangin, muling naitala sa NCR na iniuugnay sa Navotas Landfill fire

Muling naitala ang maruming kalidad ng hangin sa ilang parte ng Metro Manila umaga ngayong Biyernes, Abril 17, ayon sa Department of Environment and Natural Resources (DENR).

Batay sa monitoring of concentrations ng Particulate Matter 2.5 (PM2.5) ng DENR-Environmental Management Bureau, naitala ang air quality index na 189, na ikinokonsiderang "unhealthy," sa Punturin, Valenzuela City.

Gayundin, naitala ang maruming hangin sa monitoring stations sa Commonwealth Avenue at sa loob ng Ateneo de Manila University campus sa Quezon City, maging sa Maikina City, Malabon City at Caloocan City.

Parehong air quality ang naitala sa mga nabanggit na lugar kaninang tanghali.

Ibinabala naman na ang mga pinong particles na ito ay kayang tumagos nang malalim sa mga baga at pumasok sa daluyan ng dugo, na nagiging sanhi ng iba't ibang malalang sakit.


Iniuugnay naman ng mga awtoridad ang hindi magandang kalidad ng hangin sa nagpapatuloy na sunog sa Navotas Sanitary Landfill, na sumiklab 7 araw na ang nakalilipas mula noong Abril 10, kung saan aabot hanggang 80 porsyento ng lugar ang apektado.

Sa ngayon, ayon sa Bureau of Fire Protection, wala pang timeline kung kailan ganap na maapula ang sunog dahil sa buildup ng methane gas, na nakapagpalala sa sunog.

Samantala, sa panig ng Department of Health, nagpaabot na ang ahensiya ng face masks, vitamins, konsultasyon at gamot sa ubo at hika dahil sa nararanasang haze bunsod ng sunog sa Navotas Landfill.

Pinapayuhan naman ang mga apektadong residente na manatili sa loob ng bahay hangga't maaari, magsuot ng N95 mask kung lalabas ng bahay, isara ang mga pintuan at gumamit ng basang tela para takpan ang mga siwang at gumamit ng head lights kapag bibiyahe sa gabi at kung malabo ang paligid.

Kapag kailangan ng tulong, maaaring tumawag sa National Emergency Hotline 911.



# Palasyo, bukas sa ipagpaliban ang BSKE sa gitna ng krisis sa langis

Pinag-aaralan ng Palasyo ang panukalang ipagpaliban muli ang Barangay at Sangguniang Kabataan Elections (BSKE) sa gitna ng krisis sa ekonomiya at pagtaas ng presyo ng langis.

Ayon kay Palace Press Officer Claire Castro, bukas si Pangulong Ferdinand Marcos Jr. sa mga mungkahi na makatutulong sa bansa, kabilang ang panukalang maaaring makatipid ng hanggang Php 16B kung hindi matutuloy ang halalan.

May ilang panawagan kasi ng anim na buwang postponement ng BSKE na nakatakda sa Nobyembre 2, at iminungkahing ilaan na lamang ang pondo nito upang tugunan ang epekto ng pagtaas ng presyo ng langis.

Gayunman, nauna nang nagpasya ang Korte Suprema na labag sa Konstitusyon ang paulit-ulit na pagpapaliban ng naturang halalan.

# Posibleng kaso vs Fake News Peddlers, binigyang-diin ng Malacañang

Binigyang-diin din ng Malacañang na hindi paglabag sa kalayaan sa pamamahayag ang hakbang nito laban sa mga nagpapakalat ng maling impormasyon.

Ayon kay Palace Press Officer Claire Castro, tanging mga indibidwal na sadyang nagpapakalat ng pekeng balita, lalo na tungkol sa kalusugan ng Pangulo, ang posibleng maharap sa kaso tulad ng cyber libel at danyos.

Nauna nang inendorso ng Presidential Communications Office (PCO) ang ilang social media personalities para imbestigahan, habang nakikipag-ugnayan na rin ang Department of Justice (DOJ) sa National Bureau of Investigation (NBI) para sa posibleng pagsasampa ng kaso.

Ayon sa palasyo, pananagutin ang sinumang mapatunayang nagpapakalat ng maling impormasyon.

# Social media influencer, arestado dahil sa serye ng bomb threat sa Kalibo

Inaresto ng pulisya ang 27-anyos na vlogger sa bayan ng Tangalan dahil sa serye ng mga bomb threat sa iba't-ibang paaralan sa lalawigan ng Aklan lalo na sa bayan ng Kalibo.Ang suspek ay kinilala ni P/Lt.Col. Jerick Vargas, hepe ng Kalibo Municipal Police Station na si alyas Van Aldwin, residente ng Sitio Centro, Bgy. Tagas, Tangalan ay naaresto, umaga ng Miyerkules, Abril 15 sa pamamagitan ng warrant na ipinalabas ng Aklan Regional Trial Court.Nabatid na simula noong nakaraang taon hanggang sa unang bahagi ng 2026 ay patuloy na nakakatanggap ng banta ng pambobomba ang mga paaralan sa pamamagitan ng isang online messaging app.Natukoy ng mga awtoridad ang suspek sa kanyang naka-rehistrong numero ng SIM card na ginamit sa pagpapadala ng bomb threat.

Sa isinagawang operasyon, narekober sa kanyang posisyon at kontrol ang isang unit ng Samsung A02s na cellphone kasama ang SIM card na nakarehistro rin sa kanyang pangalan.

Nakatakdang imbestigahan ng Regional Anti-Cybercrime Unit 6- PNP Anti Cybercrime Group ang mga narekober na ebidensiya.

# Asia vulnerable sa energy shock dahil sa gulo sa Gitnang Silangan

Nagbababala ang International Monetary Fund na mas bulnerable ang Asya sa epekto ng energy shock dulot ng digmaan sa Middle East, dahil sa matinding pagdepende nito sa imported na langis at gas. Maaari umanong tamaan ang paglago ng ekonomiya ng rehiyon kung magtuloy-tuloy ang kaguluhan.Bagama't may matibay na simula ang ekonomiya ng Asya ngayong taon, sinabi ng IMF na nababawasan ito ng epekto ng tumataas na presyo at posibleng kakulangan sa suplay ng enerhiya. Maaari itong magdulot ng mas mataas na inflation at paghina ng economic growth.Nagbabala rin ang International Monetary Fund na kung magtatagal ang sigalot, maaaring magkaroon ng mas malawak na epekto, kabilang ang kakulangan sa mga produktong nakadepende sa langis at gas, na kritikal sa produksyon ng iba't ibang industriya.Dahil dito, hinimok ang mga bansa sa Asya na maging maingat at mabilis umaksyon sa kanilang mga polisiya, lalo na sa pagkontrol ng inflation, at tiyaking target at sapat ang tulong ng gobyerno sa mga sektor na pinakaapektado.

---

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 182, MANILA**
Rm 605-606, Parkview Plaza, Taft Ave., Ermita, Manila
Email Address: rtc1mnl182@judiciary.gov.ph
Contact Nos.: (02) 8293-4499 & 09171137882

**JOSEPH CO DYHENGCO, also known as JOSEPH C. DY or JOSEPH CO DY,**
Petitioner,

**SPEC. PRO. CASE NO. R-MNL-26-01704-SP**

-versus-

**For: Judicial Recognition of Foreign Divorce and Correction of Entry in the Civil Registry under Rule 108, Revised Rules of Court**

**JULIE CHAN DYHENGCO also known as JULIE Y. CHAN or JULIE YABUT CHAN, THE LOCAL CIVIL REGISTRAR OF MANILA, and THE CIVIL REGISTRAR GENERAL OF THE PHIILIPPINE STATISTICS AUTHORITY (PSA),**
Respondents.

## ORDER

(18 March 2026)

Before the court is the instant **PETITION** filed by the petitioner, **JOSEPH CO DYHENGCO, also known as JOSEPH C. DY or JOSEPH CO DY,** through counsel, against the respondents, **JULIE CHAN DYHENGCO also known as JULIE Y. CHAN or JULIE YABUT CHAN, THE LOCAL CIVIL REGISTAR OF MANILA, and THE CIVIL REGISTRAR GENERAL OF THE PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY (PSA),** for the judicial recognition of foreign divorce and correction of entry in the civil registry under Rule 108 of the Revised Rules of Court.

In the Petition, the petitioner prays for the following:

1. RECOGNIZING as valid in the Philippines the divorce obtained in British Columbia, Canada by respondent JULIE CHAN DYHENGCO also known as JULIE Y. CHAN or JULIE YABUT CHAN;
2. DIRECTING the Local Civil Registrar of Manila and the Civil Registrar General of the Philippine Statistics Authority to annotate the judgment recognizing the foreign divorce on the Certificate of Marriage with Register No. 88-17232; and
3. DECLARING that Petitioner to be capacitated to remarry under Philippine Laws.[1]

In support thereof, the petitioner alleged the following statements of facts in the Petition:

"5. Petitioner was married to respondent Julie on 3 July 1998 at San Sebastian Church, Plaza del Carmen, Barangay 390, Manila, Republic of the Philippines. A PSA-certified copy of the Certificate of Marriage with Register No. 88-17232 is attached as Annex 'A'.

6. Out of the Marriage, Petitioner and Julie begot three (3) children, now adults, namely:

a. Jordandino Chimson Chan Dyhengco, born on 18 August 1989;
b. Jodaren Conti Chan Dyhengco, born on 15 December 1992;
c. Josef Caleb Chan Dyhengco, born on 19 June 2001.

7. Julie obtained Canadian citizenship on 10 January 2001. A copy of Julie's Canadian Citizenship Card No. A8341377 issued by the Government of Canada is attached hereto as Annex 'B'. Likewise attached as Annex 'B-1' is a copy of Julie's Canadian Passport No. GL948800 issued 24 February 2015.

8. On 23 March 2023, Julie applied for an order of divorce from Petitioner with the Supreme Court of British Columbia, Canada, on the ground that the Petitioner Julie 'have lived separate and apart since December 26, 2021'. A certified copy of the 'Notice of Family Claim' with Vancouver Registry No. E-230752 is attached hereto as Annex 'C'.

9. On 6 September 2023, the Supreme Court of British Columbia, Canada, issued a Certificate of Divorce certifying that Petitioner and Julie 'who were married at Manila, Philippines on July 3, 1988 were divorced under the Divorce Act (Canada) by an order of this court which took effect and dissolved the marriage on September 4, 2023'. Apostille copy of the 'Certificate of Divorce' with Vancouver Registry No. E-230752 is attached hereto as Annex 'D'.

10. Under Section 8 (2) (a) of the Divorce Act of Canada, a divorce may be granted if 'the spouses have lived separate and apart for at least one year immediately preceding the determination of the divorce proceeding and were living separate and apart at the commencement of the proceeding'. Section 14 of said Act further states that 'a divorce granted under this Act dissolves the marriage of the spouses'. Apostille copy of the Divorce Act of Canada (RSC, 1985, c.3 [2nd sup.]) is attached as Annex 'E'."[2]

Finding the Petition to be sufficient in form and substance, the same is hereby set for hearing on the satisfaction of jurisdictional requirements on **04 June 2026 (Thursday) at 1:00 P.M.,** before this court at Room 606, 6th Floor, Parkview Plaza, Trida Bldg. (Masagana Bldg.), Taft Ave. corner T.M. Kalaw St., Ermita, City of Manila, at which date and time all persons interested may file their oppositions or answers and appear and show cause, if any, why the Petition should not be granted.

The respondents, **JULIE CHAN DYHENGCO also known as JULIE Y. CHAN or JULIE YABUT CHAN, THE LOCAL CIVIL REGISTRAR OF MANILA, and THE CIVIL REGISTRAR GENERAL OF THE PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY (PSA),** or any persons having or claiming interest in the Petition may, within **thirty (30) days** from notice or from last day of publication of this Order, file their opposition thereto and to show cause why the Petition should not be granted.

Let this Order be published, at the expense of the petitioner, once a week for three (3) consecutive weeks, before the scheduled date of hearing, in a newspaper of general circulation in the Metro Manila, Philippines, to be selected by raffle.

The Branch Clerk of Court is hereby directed to issue Summons to the respondents named in the Petition, and to furnish the Office of the Clerk of Court with a copy of this Order so that the same may be published in accordance with P.D. 1079.

The Court Process Server is hereby directed to file his Return within five calendar days after service to the respondents of the Summons and this Order, together with a copy of the Petition and its Annexes.

Considering that the respondent, **JULIE CHAN DYHENGCO also known as JULIE Y. CHAN or JULIE YABUT CHAN,** is residing at 4751 Tilton Road, Richmond City, British Columbia, V7C 1K6, Canada which is outside the territorial jurisdiction of this court, pursuant to Section 3, Rule 14 of the Revised Rules on Civil Procedure, the petitioner, through counsel, is hereby directed to cause the service of the Summons, together with this Order and a copy of the Petition, to said respondent, via registered mail or private courier, and to submit to this court a proof of service in compliance hereto.

SO ORDERED.

City of Manila, Philippines, 18 March 2026.

**(SIGNED)**
**MARIA LINA NIEVA S. CASALS**
Presiding Judge

COPY FURNISHED:

**JOSEPH CO DYHENGCO**
**also known as JOSEPH C. DY**
**or JOSEPH CO DY**
Petitioner
5 Filmore St., North Greenhills, San Juan City
(or thru counsel)

**ATTY. TORIBIO U. REYES III**
**ATTY. MARY ANN U. REYES-LEE**
**REYES REYES-LEE & DELA MERCED-MOVIDO**
Counsels for the Petitioner
Unit 701 Manila Luxury Condominium, Pearl Drive,
Ortigas Center, Pasig City 1605

**JULIE CHAN DYHENGCO**
**also known as JULIE Y. CHAN**
**or JULIE YABUT CHAN**
Respondent
(1)Local Address: 525 Rochester St., Greenhills East,
Mandaluyong City (c/o) Process Server
(2)International Address: 4751 Tilton Road, Richmond City,
British Columbia, V7C 1K6, Canada (c/o petitioner)

**OFFICE OF THE LOCAL CIVIL REGISTRAR OF MANILA**
Ground Floor, City Hall Building, Arroceros Street, Ermita,
Manila
Email Address: manila.cro@yahoo.com

**OFFICE OF THE CIVIL REGISTRAR GENERAL (OCRG)**
**PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY**
PSA Complex, East Avenue, Diliman, Quezon City
Email Address: legal.staff@psa.gov.ph

**OFFICE OF THE SOLICITOR GENERAL**
134 Amorsolo St., Legazpi Village, Makati City
Email Address: efile@osg.gov.ph

**OFFICE OF THE CLERK OF COURT –**
**REGIONAL TRIAL COURT, MANILA**
4th Floor, Manila City Hall

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: April 20, 27 & May 04, 2026**




**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT & EX-OFFICIO SHERIFF**
**QUEZON CITY**
Email Address: rtc1qznocc@judiciary.gov.ph
Mobile No./Landline No. 09155083986/ 89243843

**BDO UNIBANK, INC.,**
Mortgagee,

-versus-

FRE NO. 16354

**GLORIA DANCEL DOMINGO,**
Debtor/Mortgagor.
x-----------------------------------x

## NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE OF REAL PROPERTY UNDER ACT 3135 (AS AMENDED)

UPON extra-judicial petition under ACT 3135, as amended by ACT 4118 and pursuant to the terms and conditions of the **LOAN AGREEMENT dated APRIL 1, 2015 and REAL ESTATE MORTGAGE dated MAY 8, 2025** executed by **GLORIA DANCEL DOMINGO**, -No. 36, Scout Chuatoco Street, Quezon City 1100/ Unit 736, 7th Floor, Tower 1, AMAIA Skies Cubao, P. Tuazon Boulevard corner 5th Avenue, Barangay Socorro, Cubao, Quezon City, Debtors/Mortgagors in favor of **BDO UNIBANK, INC.**, Mortgagee, to satisfy the mortgage debt in the amount of **Php1,001,092.17** as of **FEBRUARY 11, 2026**, including interests, penalties and expenses incidental, other charges, together with all the lawful fees and expenses of foreclosure sale as may due, the Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Quezon City and/or his duly authorized Deputy Sheriff, hereby announces that on **MAY 12, 2026** between the hours of 9:00 A.M. to 4:00 P.M. at the Office of the Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff, Regional Trial Court, Hall of Justice Bldg., Elliptical Road, Diliman, Quezon City, will sell thru public auction to the highest bidder for cash, in Philippine Currency, the following described real property/ies with all the improvements existing thereon, to wit:

**CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE NO. 004-2024023622**
**Registry of Deeds-Quezon City**

AMAIA SKIES CUBAO

TOWER 1

| | |
|---|---|
| UNIT NO.: | 736 |
| UNIT DESCRIPTION: | STUDIO UNIT |
| UNIT TYPE | A |
| FLOOR LEVEL: | 7TH |
| UNIT AREA NO.: | 18.60 SQ. M. |

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2012006856 which embraces and describes the land located at P. TUAZON BLVD. CORNER 5TH AVENUE, BRGY. SOCORRO, CUBAO, QUEZON CITY with an area of THREE THOUSAND SEVENTY-EIGHT (3,078) Square Meter.

All sealed bids must be submitted to the undersigned at the aforesaid office on the above stated date and time.

Interested parties are hereby enjoined to investigate for themselves the title to the said property/ies and the encumbrances thereon, if any there be.

In the event that public auction should not take place on the scheduled date due to fortuitous event or if the same be declared a non-working holiday or for any other lawful/valid reasons, it shall be held on **MAY 19, 2026** at the same time and place without further notice.

Quezon City, Metro Manila, April 8, 2026.

**(SIGNED)**
**DAISY B. OBRA**
Sheriff IV

**(SIGNED)**
**GREGORIO C. TALLUD**
Clerk of Court VII and
Ex-Officio Sheriff

WARNING:

It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Sheriff's Sale on or before the date of the auction sale under penalty of the law.

Copy Furnished;

**BDO UNIBANK, INC.**
**REMEDIAL MANAGEMENT UNIT**
**BY: ANNE HAZEL M. GAVIOLA**
33rd Floor, BDO Corporate Center Ortigas
No. 12, ADB Avenue, Mandaluyong City

**GLORIA DANCEL DOMINGO**
No. 36, Scout Chuatoco Street, Quezon City 1100

**GLORIA DANCEL DOMINGO**
Unit 736, 7th Floor, Tower 1, AMAIA Skies
Cubao, P. Tuazon Boulevard corner 5th Avenue,
Barangay Socorro, Cubao, Quezon City

**GLORIA DANCEL DOMINGO**
Unit 736, 7th Floor, Tower 1, AMAIA Skies Cubao,
P. Tuazon Boulevard corner 5th Avenue,
Barangay Socorro, Cubao, Quezon City

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: April 13, 20 & 27, 2026**

# Mga tsuper at operator ng PUVS, nag-martsa patungong Mendiola sa huling araw ng transport strike

Nag-martsa ang mga tsuper at operator ng transport group na Manibela mula Welcome Rotonda sa Quezon City patungong Mendiola sa Maynila ngayong Biyernes, Abril 17 kasabay ng huling araw ng ikinasang transport strike laban sa mataas na presyo ng langis.

Ayon kay Manibela chairperson Mar Valbuena, nag-martsa sila malapit sa Pangulo para ipanawagan ang pag-suspendi ng excise tax gayundin ang value added tax (VAT) at rollback sa presyo ng mga produktong petrolyo sa nararapat na presyo.


Ipinunto niya na ang pag-suspendi ng buwis sa langis ay magbebenepisyo hindi lamang sa transport workers kiundi maging sa mga komyuter at mga motorista.

Giit din ni Valbuena, mula pa lamang noong unang linggo ng tensiyon sa Gitnang Silangan ay labis na ang pagtaas ng presyo ng petroleum products. Kaugnay nito, kinalampag ni Valbuena ang mga kumpaniya ng langis na maagang nagtaas ng presyo kahit na mayroon pang stockpiles ng langis.

Kinuwestyon din niya ang fuel assistance programs ng pamahalaan, dahil hindi umano ito sapat at hindi accessible sa mga apektadong tsuper.Hindi rin aniya ganap na naipatupad ang ipinangakong diskwento sa langis para sa mga pampublikong transportasyon at ilang piling gasolinahan ang hindi umano batid ang naturang programa.

Gayundin, nananatiling limitado ang service contracting program ng pamahalaan at mayroon pa ring mga hindi nabayaran sa mga nakalipas na kasunduan.

## Price freeze sa basic goods, pinalawig pa hanggang Mayo 10 – DTI



Pinalawig pa ang price freeze para sa basic goods o mga pangunahing bilihin hanggang sa Mayo 10, ayon sa Department of Trade and Industry (DTI).

Ito ay kasunod ng mga kasunduan sa pagitan ng manufacturers at retailers.

Matatandaan, inisyal na itinakda ang price freeze hanggang sa Abril 30.

Ayon kay Trade Secretary Maria Cristina Aldeguer-Roque, pumayag ang mga manufacturer at retailers na palawigin pa ang price freeze para sa basic necessity at prime commodities, base sa kanilang pinakabagong pagpupulong.

Naisakatuparan ang pagpapalawig ng price freeze matapos ang mga konsultasyon sa industry stakeholders, bilang parte ng pagsisikap na mapanatili ang stable na presyo ng mga pangunahing bilihin.

Nakikita naman aniyang nakatulong ang pagbaba ng presyo ng langis sa desisyon na walang paggalaw sa mga presyo ng mga basic good.



By
**Bro. Ernie Acayan**

**Mateo 3:2**
**"Ganito ang Kanyang sinasabi, "Magsisi kayo at talikuran ang inyong mga kasalanan sapagkat malapit nang dumating ang kaharian ng langit!"**

## TUNAY NA PAGSISISI

**Sapat na ba ang paghingi ng tawad sa Dios upang sabihing tunay ang ating pagsisisi?**

**Gawa 26:20**
**"Nangaral ako, una sa Damasco, saka sa Jerusalem at sa buong lupain ng Judea, at gayundin sa mga Hentil. Ipinangaral kong dapat silang magsisi't tumalikod sa kanilang mga kasalanan, lumapit sa Diyos, at ipakita ang kanilang pagsisisi sa pamamagitan ng mga gawa."**

**Ano ang mga dapat nating gawin upang ipahayag na tayo'y nagsisisi.**

**1) May buhay-panalangin. Ang tunay na may ugnayan sa Dios ay sa pamamagitan ng isang lumalagong buhay-panalangin. Kailangan ito upang lumago ang isang mananampalataya sa kanyang pananampalataya. Ito'y hindi isang suwestiyon kundi utos ng Dios.**

**1 Tesalonica 5:17**
**"...palagi kayong manalangin..."**

**Ito ay isang utos upang lumago tayo sa pagkakakilala kay Hesus at magkaroon ng malalim na relasyon sa Kanya.**

**Ang panalangin ay paraan upang tayo ay makatanggap sa Kanya at magawa natin ang Kanyang kalooban.**

**Juan 15:5**
**"Ako ang puno ng ubas at kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa Akin, at Ako sa kanya, ang siyang nagbubunga nang sagana, sapagkat wala kayong magagawa kung kayo'y hiwalay sa Akin."**

**2) May bagong uri ng pamumuhay. Ang tunay na pagsisisi ay ang pagtalikod sa lumang pamumuhay at paglandas ng isang bagong buhay na kasama si Kristo.**

**2 Cor.5:17**
**"Kaya't kung nakipag-isa na kay Cristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip, ito'y napalitan na ng bago. "**

**3) Ang taong nagsisi ay may bago ng kaisipan.**

**Roma.12:2**
**"Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos."**

**Ang taong may bago ng kaisipan ay ang makatatanggap ng pangunawa sa mga pahayag ng Dios.**

**Efeso 4:23-24**
**"**
**Magbago na kayo ng diwa at pag-iisip; at ang dapat ninyong isuot ay ang bagong pagkatao na nilikhang kalarawan ng Diyos, at nahahayag sa matuwid at banal na pamumuhay ayon sa katotohanan.**

**Gayun din naman, siya ay may kakayahang tumanggi sa alok ng laman, ng mundo at ng demonyo.**

**1 Juan 3:9**
**" Ang mga anak ng Diyos ay hindi nagpapatuloy sa pagkakasala, sapagkat nananatili sa kanila ang binhing mula sa Diyos. At dahil ang Diyos ang ama nila, hindi sila maaaring magpatuloy sa pagkakasala."**

**TO GOD BE THE GLORY.**



# Rapper D4vd inaresto dahil sa pagpatay sa isang dalagita

Arestado ang rapper na si D4vd dahil sa umanoy pagpatay sa isang dalagita na unang napaulat na nawawala pa noong nakaraang taon.

Si David Anthony Burke sa tunay na buhay ay siyang suspek sa pagpatay sa biktimang si Celeste Rivas Hernandez.

Natagpuan kasi ang bangkay ng biktima sa kotse nito noong nakaraang buwan ng Setyembre.

Nakita ang bangkay ng 14-anyos na babae na nakasilid sa isang bag na nasa harap ng sasakyan na ng rapper.

Naagnas ng natagpuan ang bangkay ng biktima na hinihinalang matagal na itong pinatay.

# Trump, inakusahan ang Iran ng 'Total violation' sa Ceasefire; nagbanta ng panibagong pag-atake

Inakusahan ni U.S. President Donald Trump ang Iran ng "total violation" sa umiiral na ceasefire matapos umano itong magpaputok sa mga barko malapit sa Strait of Hormuz.

Sa isang social media post noong Linggo, muling nagbanta ang Pangulo ng Estados Unidos na sisirain ang mahahalagang imprastraktura ng Iran kung hindi nito tatanggapin ang alok na kasunduan ng Washington.

"We're offering a very fair and reasonable DEAL, and I hope they take it because, if they don't, the United States is going to knock out every single Power Plant, and every single Bridge, in Iran," ani Trump. "No more Mr. Nice Guy!"

Ayon pa kay Trump, nakatakdang dumating sa Pakistan sa Lunes ng gabi ang mga kinatawan ng Estados Unidos upang ipagpatuloy ang negosasyon sa Iran, sa kabila ng tumitinding tensyon.Nauna rito, bumaba ang pandaigdigang presyo ng langis at umakyat ang stock markets matapos ipahayag ng Iran na bubuksan nito ang Strait of Hormuz na itnuturing isang mahalagang daanan ng langis sa mundo na pansamantalang isinara ng Iran kasunod ng military operations ng U.S. at Israel noong Pebrero 28.



Gayunpaman, matapos ipahayag ni Trump na magpapatuloy ang blockade laban sa Iranian shipping, sinabi ng Tehran noong Sabado na mananatiling sarado ang nasabing strait. Iniulat din na may hindi bababa sa dalawang barko ang pinaputukan habang papalapit sa lugar.

"Iran decided to fire bullets yesterday… A total violation of our ceasefire agreement," dagdag ni Trump.

Sa ngayon hindi pa malinaw kung muling magbubukas ang Strait of Hormuz at kung magkakaroon ng pag-usad sa negosasyon ng tigil putukan.

# 6 nasawi sa pamamaril at hostagetaking sa Ukraine



Hindi bababa sa anim na katao ang nasawi at ilan pa ang nasugatan matapos magbukas ng putok ang isang lalaki at kumuha ng mga hostage sa lungsod ng Kyiv nitong Sabado, ayon sa mga opisyal ng Ukraine.

Nag-anunsyo si Interior Minister Ihor Klymenko na naganap ang insidente sa Holosiivskyi district sa timog ng lungsod. Ang suspek, na residente sa lugar, ay unang namaril sa mga tao sa kalsada bago kumuha ng mga bihag sa isang supermarket.

Ayon kay Klymenko, napatay ang suspek sa loob ng supermarket matapos ang engkwentro laban sa pulisya. Wala pang malinaw na motibo sa krimen.

Sinabi ni Pangulong Volodymyr Zelensky na 14 katao ang nasugatan, kabilang ang isang 12-taong gulang na bata. Apat ang nasawi sa kalsada, isang babae na tinatayang nasa edad 30 ang namatay sa ospital, at isa pang hostage ang pinatay ng suspek. Nabatid na nakipag-usap ang mga negosyador ng pulisya sa suspek sa loob ng halos 40 minuto, ngunit hindi ito nagbigay ng anumang kahilingan. Dahil sa patuloy na panganib at pagkamatay ng isang hostage, inatasan ang mga awtoridad na tuluyang alisin ang banta. Apat na hostage ang nailigtas.

Kinilala ng Prosecutor General Ruslan Kravchenko ang suspek bilang isang 58-taong gulang na lalaki mula Moscow, Russia, na gumamit ng awtomatikong baril na rehistrado. Iniimbestigahan ngayon ang mga kalagayan ng pagkakakuha ng permit sa baril at ang buong insidente.

Ayon kay Zelensky, matagal nang nanirahan ang suspek sa Donetsk region, na nasa ilalim ng kontrol ng mga separatista bago ang buong pagsalakay ng Russia. Bago ang pamamaril, sinunog umano ng lalaki ang kanyang apartment.

Bagama't madalas na tinatarget ng mga pag-atake ang Kyiv dahil sa nagpapatuloy na digmaan laban sa Russia, bihira ang ganitong uri ng pamamaril sa lungsod.

# Alitan sa pamilya Aunor, umugong sa 1st anniversary death ng Superstar

Lumilitaw ang tensyon sa pamilya ng yumaong National Artist at Superstar na si Nora Aunor sa mismong unang anibersaryo ng kanyang pagpanaw nitong Huwebes, Abril 16.

Sa gitna ng pagtitipon ng mga tagasuporta at pamilya sa Libingan ng mga Bayani sa Taguig City, lumabas ang isyu tungkol sa umano'y sigalot sa pagitan ng kanyang mga anak na sina Ian de Leon at Lotlot de Leon.

Ayon sa ulat, iginiit ni Ian na siya ang "sole legal heir" ng kanyang ina at siya ang mangangasiwa sa mga legal na usapin ng estate nito, kabilang ang plano para sa isang One Person Corporation (OPC).

Paliwanag ng kampo ni Lotlot de Leon sa pamamagitan ng kanyang abogado na si Atty. Mark Julius C. Estur, hindi umano interesado ang kanyang kliyente sa anumang mana mula sa ari-arian ng kanilang ina.

Ayon sa kanila, hindi siya kinonsulta sa mga naturang hakbang at hindi rin siya bahagi ng anumang fundraising o pamamalakad na ginagawa ni Ian.

Nilinaw din ng kampo ni Lotlot na wala silang alam na naiwang Last Will and Testament na nagbibigay ng kontrol sa kanyang kapatid. Iginiit din nila na hindi habol ni Lotlot ang anumang mana at mas pinipili niyang umiwas na lamang sa isyu upang igalang ang alaala ng kanilang ina.

Ayon pa sa pahayag, may hiwalay na charitable foundation na itinayo si Lotlot kasama ang kanyang mga kapatid, na dati umanong alam at sinuportahan ni Ian, ngunit kalaunan ay itinanggi niya ang kaalaman dito.

Si Nora Aunor ay pumanaw noong Abril 16, 2025 dahil sa acute respiratory failure at inilibing bilang bahagi ng state funeral sa Libingan ng mga Bayani bilang pagkilala sa kanyang ambag sa sining at kultura ng bansa.

Sa kabila ng isyu sa pamilya, nagtipon pa rin ang mga kaanak at tagahanga sa isang pribadong paggunita sa Eastwood City upang alalahanin ang buhay at legacy ng yumaong Superstar.

# Sthefany Gutierrez, sasabak sa MGI All Stars competition

Mas umiinit ngayon ang laban sa MGI All Stars matapos ianunsyo ang pagsali ni Sthefany Gutierrez ng Venezuela, na naging second runner-up ni Catriona Gray sa Miss Universe 2018.

Sa kanyang profile bilang kandidata, pinuri si Sthefany sa kanyang "poise, intelligence, at charisma," pati na rin sa kanyang dedikasyon at disiplina sa mundo ng pageantry.

Sa naturang kompetisyon ng Miss Grand International All Stars, makakaharap niya ang iba pang beteranang beauty queens mula sa iba't ibang bansa, kabilang ang limang kinatawan mula sa Pilipinas na sina Imelda Schweighart, Gazini Ganados, Fuschia Ravena, Alexia Nuñez, at Keylyn Trajano.

Iba ang format ng MGI All Stars kumpara sa regular na Miss Grand International, na kasalukuyang reining queen ng Pilipinang si Emma Tiglao.

Ang All Stars edition ng MGI ay bukas para sa mga kababaihan at transgender women na may edad 20 hanggang 40 na dati nang sumali sa international pageants ngunit hindi pa nakakamit ang korona.

Nakatakda ang coronation night ng MGI All Stars sa May 30 na gaganapin sa Thailand, kung saan maglalaban-laban ang mga kilalang kandidata.

# WHO, inaming nananatili ang health crisis sa Middle East sa kabila ng peace talks

Naglabas ang World Health Organization (WHO) ng public situation report hinggil sa tensyon sa Middle East, matapos ang halos dalawang buwan ng digmaan.Pangangatawan

Nanatiling sensetibo ang cessation of hostilities mula sa 14-day ceasefire, habang nagpapatuloy ang high-intensity conflict sa Lebanon.

Maraming displacement at population movements ang nagaganap, kabilang ang pagbabalik ng Iranian nationals sa pamamagitan ng Türkiye at paglipat ng Lebanese nationals patungong Syria.

Lumala ang krisis mula fuel price shock tungo sa operational system disruption, na nakaapekto sa health systems at nagdulot ng energy emergencies sa iilang bansa gaya ng Cuba.

Sa Gaza, naapektuhan ang healthcare delivery at water, sanitation and hygiene services, na may kasamang systemic risks tulad ng cold chain failure at medical supply disruption.

Bukod dito, nananatiling mataas ang banta ng environmental at industrial hazards dahil sa pag-atake sa vital infrastructure gaya ng water desalination plants at fuel facilities.

Prayoridad ng WHO ang Lebanon at Islamic Republic of Iran dahil sa malawakang population displacement at mga health risks gaya ng trauma, communicable disease transmission, at exposure sa radiological at chemical hazards.






"LEMME TEASE BOTIQUE RTW TARLAC"

**Taytay RTW Base**

**Purok Saranay Sitio Banga-banga Villa Aglipay San Jose, Tarlac, Philippines**

**Contact No.# 09460277182**

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: April 27 - May 03, 2026




**#308 Barangka Drive in front of Bonifacio Javier National High School, Mandaluyong City**

**Contact : Juliana Diesta # 09052264801**

**krusty.ebox@gmail.com**

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: April 27 - May 03, 2026




**FB PAGE: www.fb.com/SEJCondoHotel**
**Contact No. 09665262989**

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: April 27 - May 03, 2026



## CROSSWORDS

### Across

1. Young men
5. Add voice-over to
8. Dark expression
13. __ Puffs: chocolaty cereal
14. Atlas section
16. "Star Trek" role for Nichelle Nichols
17. Piano studio instrument
19. Tag call
20. Gain possession of
21. Yahtzee cube
23. Apartment payment
24. Indulging in a luxurious existence
27. Word before planning or sale
30. Young women
31. Three, in Germany
32. Printer brand
35. Liveliness
38. Mascot on cans of peas and corn
42. NNW reversal
43. Borden spokescow
44. CBS military series in its 23rd season
45. Body part with a bridge
47. __ on: added hastily
50. NHL team in Salt Lake City
54. Gym pads
55. Extinct New Zealand bird
56. Bit of fridge decor
61. "I knew it all __!"
63. Conclusion that earns a standing ovation, and a feature of 17-, 24-, 38-, and 50-Across
65. Fable lesson
66. __ gin fizz
67. Midrange voice
68. Motivation for a project, in hashtags
69. Canonized Fr. woman
70. Have on

### DOWN

1. Basketball Hall of Famer Rebecca
2. Many a Syrian
3. Balance owed
4. Bean used to make tofu
5. "Well, shoot!"
6. Alysa Liu's Olympic team: Abbr.
7. Bright forehead adornment
8. Star that warms Mars
9. Written for group singing
10. Vast cosmic expanse
11. Squeeze dry
12. Milky coffee order
15. Possible score after deuce
18. __ monster: Arizona lizard
22. Actively encourage
25. Swerves sharply
26. "Auld __ Syne"
27. Greek Cupid
28. Devoted fans of singer/actress Gomez
29. Up to, briefly
31. Some radio personalities
33. Shar-__
34. Deal with
36. City in northern Oklahoma
37. Scoreboard nos.
39. Quaint affirmative
40. Sparkle
41. Printmaker's fluid
46. Slangy "Touché!"
48. Charge for using a card
49. Spiced tea from India
50. So-called "fifth taste"
51. Owl's claw
52. Crowds around, as a celebrity
53. Stamps and sends
57. Nibble (on)
58. Khartoum's river
59. "¿Cómo __ usted?"
60. Marvel's hammer thrower
62. Day-__ paint
64. Comprehended



## WORD HUNT

**GOOD LUCK CHARLIE**



| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| I | N | Y | Y | C | I | R | E | I | A | P | A |
| Y | A | A | I | D | N | T | O | S | M | N | C |
| L | S | Y | Y | N | D | I | N | S | I | I | E |
| E | T | E | D | B | S | E | S | C | E | B | A |
| I | A | L | D | R | D | L | E | Y | P | I | A |
| G | N | L | E | I | E | S | I | H | L | B | G |
| H | L | O | T | D | C | R | B | E | A | D | E |
| A | E | D | R | G | C | H | A | R | L | I | E |
| N | Y | N | D | E | Y | E | N | S | I | D | D |
| N | A | O | S | T | C | I | C | N | E | A | D |
| E | N | S | E | T | N | N | D | A | B | A | Y |
| L | B | A | Y | E | E | B | E | B | O | D | I |
| I | O | J | M | D | M | G | N | P | E | S | L |
| Y | B | P | A | I | Y | Y | J | H | S | A | M |

CHARLIE
TEDDY
SPENCER
BOB
JASON DOLLY
AMY
BRIDGETTE
MIA
DABBNY
LEIGH ANNE
ERIC
STANLEY
DISNEY

# Alex Eala, nakatakdang bumalik sa Madrid Open matapos ang sunod-sunod na talo

Ang world No. 45 na si Eala ay nakatakdang sumabak sa kanyang ikatlong clay tournament simula Abril 21, 2026.

Layunin ngayon ng 20-ayos na si Eala na makabawi matapos ang lumagapak sa Linz Open at Stuttgart Open.

Sa Stuttgart Open, natalo si Eala sa Filipina-Canadian player na si Leylah Fernandez sa iskor na 1-6, 4-6.

Sa kabila ng pagkatalo, nakapukaw siya ng atensyon matapos subukang bumawi sa second set na nagpalapit ng kanyang score bago tuluyang nanalo si Fernandez.

Bago ito, natalo rin si Eala sa Round of 16 ng Linz Open laban kay Jelena Ostapenko sa iskor na 4-6, 5-7, matapos ang nauna niyang panalo sa opening round.

Sa kabila ng mga pagkatalo, nakakuha pa rin siya ng premyong €11,309 o humigit-kumulang P797,000 sa Stuttgart Open.

Pinuri naman ng kampo ni Fernandez, ang determinasyon ni Eala na hindi basta-basta sumusuko sa laban, lalo na sa kanyang paghahabol sa second set.

Ang Madrid Open ay itinuturing na isa sa pinakamalalaking WTA 1000 tournaments sa clay surface, kung saan layunin ni Eala na makabawi at maibalik ang kanyang magandang posisyon.



Nakatakdang bumalik ang Philippine tennis star na si Alexandra "Alex" Eala sa Mutua Madrid Open sa Spain matapos ang sunod-sunod na talo sa kanyang clay-court campaign.




# Lakers, pinadapa ang Rockets sa unang panalo sa playoffs

Naging epektibo ang Los Angeles Lakers sa kanilang opensa matapos makapagtala ng 61% field goal percentage at 53% mula sa three-point range, dahilan upang makuha ang kanilang unang panalo sa Western Conference NBA playoff games.

Samantala, nahirapan ang Houston Rockets na makasabay matapos makapagtala lamang ng 38% shooting at 33% mula sa long range.

Nanguna para sa Lakers si Luke Kennard na kumamada ng 27 points, 4 rebounds, at 3 assists. Nag-ambag din si LeBron James ng 19 points, 8 rebounds, at 13 assists, habang nagpakita ng matibay na depensa si Deandre Ayton na nagtala ng 19 points at 11 rebounds.

Sa kombinasyon ng matatag na shooting at balanseng kontribusyon mula sa kanilang mga pangunahing manlalaro, matagumpay na naiselyo ng Lakers ang kanilang unang panalo sa serye laban sa Rockets.


# PVN SPORTS

NO. VIII ISSUE NO. 39 APRIL 27 - MAY 03, 2026 ₱ 15.00


# Mirra Andreeva, nagkampeon sa Linz Open matapos ang comeback win

Tinapos ng top seed na si Mirra Andreeva ang kanyang kampanya sa Linz Open sa isang matinding comeback victory kontra kay Anastasia Potapova, 1-6, 6-4, 6-3, noong Linggo.

Sa unang set, nahirapan si Andreeva matapos makagawa ng maraming unforced errors at tuluyang naiwan sa iskor na 1-6. Subalit sa ikalawang set, bumawi ang 18-anyos na tennis star sa pamamagitan ng mas agresibong laro at sunod-sunod na break points upang maitabla ang laban.

Sa deciding set, ipinakita ni Andreeva ang mas agresibong serve at kontrol sa laro upang tuluyang makuha ang panalo at ang kanyang ikalawang titulo ngayong taon, kasunod ng Adelaide International noong Enero.

Kaugnay nito pinuri ni Andreeva ang kanyang katunggali, sabay sabing nahirapan siya kay Potapova.

Ayon kay Potapova, bagama't natalo siya, nagpapasalamat siya sa suporta ng crowd at tinawag na espesyal ang kanyang karanasan sa torneo.



# TNT nalusutan ang Titan Ultra

Nalusutan ng TNT Tropang Giga ang Titan Ultra 97-92 sa nagpapatuloy na PBA 50th Season Commissioner's Cup.

Bumida sa panalo ng TNT ang import na si Bol Bol na nagtala ng 50 points , 16 rebounds at anim na blocks sa laro na ginanap sa Ynares Center II.

Nag-ambag naman ng 12 points at pitong rebounds si Rey Nambatac habang mayroong pitong puntos at limang rebounds at limang assists si Jayson Castro.

Sinabi nama ni TNT head coach Chot Reyes na kanilang ginawa ang lahat ng makakaya para magpatupad ng depensa.

Nasayang naman ang nagawang 33 points at 15 rebounds ni Michael Gilmore habang mayroong 21 points si Joshua Munzon para sa Giant Riser.

Mayroon ng limang panalo at dalawang talo ang TNT habang ang Titan ay maryoong dalawang panalo at limang talo.



# Jake Paul planong bumalik sa boxing ring sa susunod na taon

Plano ngayon ng social media personality na si Jake Paul na bumalik sa boxing ring sa huling bahagi ng 2026 o hanggang 2027. Sa kaniyang social media account ay nagbigay ito ng update sa pagpapagaling mula sa kaniyang jaw injury.

Sinabi nito na patuloy ang kaniyang pagpapagamot at maaring sa mga susunod na buwan payagan na ito ng kaniyang doktor na lumaban muli. Magugunitang natamo ni Paul ang matinding sugat sa panga matapos ang laban nito kay Anthony Joshua noong Disyembre 19.

# Gilas Women makakaharap ang Lithunia sa finals ng FIBA 3×3 World Cup

Pasok na sa knockout stage ng FIBA 3×3 World Cup qualifiers ang Gilas Pilipinas Women.
Ito ay matapos na makamit nila ang top seed sa Pool B.

Mayroong isang panalo at isang talo ang Gilas Women kung saan unang tinalo sila ng Brazil 16-13 at tinalo naman nila an Singapore sa final 21-19.

Kapwa abanse na sa semifinals ang Singapore at Gilas Pilipinas.

Susunod na makakaharap ng Gilas Women ay ang Lithuania na gaganapin ito ngayong araw ng Linggo sa OCBC Square sa Singapore.




# Avdija at Blazers pasok na sa 2026 Playoffs

Pasok na sa 2026 Playoffs ang Portland Trailblazers matapos nitong pataubin ang ang Phoenix Suns, 114-110.

Pinangunahan ni Blazers forward Deni Avdija ang panalo ng Portland sa kanilang bigtime double-double performance – 41 pts, 12 assists. Kumamada rin siya ng pitong rebounds at dalawang blocks, upang iposte ang positive (+) 13 na performance sa pagtatapos ng laban.

Sa crunch time, pinilit ng Blazers na habulin ang double-digit lead ng Suns lalo na sa 7-minute mark kung saan hawak ng Phoenix ang 11 points na kalamangan, 98-87.

Unti-unti itong nahabol ng Portland hanggang sa maiposte nito ang 102-105 score, dalawang minuto bago tuluyang matapos ang laban.

Hindi na napigilan ng Suns ang pag-arangkada ng Blazers at 33 seconds bago matapos ang regulation ay hawak na ng Portland ang lead, 109-108. Nagawa naman ng Suns na makapagpasok ng isang layup ngunit kinalaunan ay nahabol muli ito ng Blazers, 16 secs bago matapos ang laban. Nabigyan pa ng pagkakataon ang Blazers na palawigin ang lead sa loob ng ilang segundo matapos hindi maipasok ni Suns guard Devin Booker ang isang 3-pointer, at tinapos ang laban sa 114-110, hawak ang apat na puntos na kalamangan.

Dahil sa pag-usad sa Playoffs, makakaharap na ng koponan ang San Antonio Spurs, ang ikalawang seed sa Western conference.

May pagkakataon naman ang Suns na makapasok pa sa postseason games kung magagawa nitong talunin ang sinumang mananalo sa pagitan ng Los Angeles Clippers at Golden State Warriors na nakatakdang magharap bukas, April 16.

# Pambansang basketball icon Edgardo Roque, pumanaw sa edad na 88

Pumanaw noong Abril 12 ang dating Philippine basketball standout at two-time Olympian na si Edgardo Roque sa edad na 88, ayon sa basketball community sa bansa.

Si Roque ay isang kilalang dating varsity player ng Jose Rizal University bago sumabak sa commercial basketball league na MICAA, kung saan naglaro siya para sa Ysmael Steel (1958–1963), YCO Painters (1964–1970), at Mariwasa (1971–1973).Sports documentaries

Sa international stage, naging bahagi siya ng Philippine national basketball team at nagrepresenta sa ilang malalaking torneo. Kabilang dito ang 1960 Rome Olympics at pagiging bahagi ng pool para sa 1968 Mexico Olympics bilang alternate. Isa rin siya sa mga tumulong sa Pilipinas na makuha ang gintong medalya sa 1962 Asian Games, at lumahok sa iba't ibang FIBA Asia Championships noong 1960s, kabilang ang 1963, 1965, at 1967 editions.

Nakalaro rin siya sa 1964 Pre-Tokyo Olympic qualifiers at naging bahagi ng 1967 FIBA Asia Championship-winning Philippine team.

Kinilala si Roque bilang isa sa mga mahalagang bahagi ng gintuang panahon ng Philippine basketball, at malaki ang naiambag sa tagumpay ng bansa sa international competitions.

